

**BATANG-BATA KA PA**

APO Hiking Society

Batang-bata ka pa at marami ka pang  
Kailangang malaman at intindihin sa mundo  
‘Yan ang totoo

Nagkakamali ka kung akala mo na  
Ang buhay ay isang mumunting paraiso lamang

Batang-bata ka lang at akala mo na  
Na alam mo na ang lahat ng kailangan mong malaman  
Buhay ay ‘di ganyan  
Tanggapin mo na lang ang katotohanan  
Na ikaw ay isang musmos lang na wala pang alam  
Makinig ka na lang  
Makinig ka na lang

Ganyan talaga ang buhay  
Lagi kang nasasabihan  
‘Pagkat ikaw ay bata  
At wala pang nalalaman  
Makinig ka sa ‘king payo  
‘Pagkat musmos ka lamang  
At malaman nang maaga  
At wasto sa kamalian

Batang-bata ako nalalaman ko ‘to  
Inaamin ko rin na kulang  
Ang aking nalalaman at nauunawaan  
Ngunit kahit ganyan ang kinalalagyan  
Alam ko na may karapatan ang bawat nilalang  
Kahit bata pa man  
Kahit bata pa man

Nais ko sanang malaman  
Ang mali sa katotohanan  
Sariling pagdaranas  
Ang aking pamamagitan

Imulat ang isipan  
Sa mga kulay ng buhay  
Maging tunay na malaya  
Sa katangi-tanging bata

Batang-bata ka pa at marami ka pang  
Kailangang malaman at intindihin sa mundo

Nais ko sanang malaman  
Ang mali sa katotohanan

Batang-bata ka lang at akala mo na  
Na alam mo na ang lahat ng  
Kailangan mong malaman

Nagkakamali ka kung akala mo na  
Ang buhay ay isang mumunting paraiso lamang

Batang-bata ka pa  
Batang-bata ka pa  
Batang-bata ka pa  
Batang-bata ka pa

**ANG SUNDALONG PATPAT**

Rio Alma

**Unang Pangkat:** “Saan ka pupunta, O, Sundalong Patpat,” tanong ng sampalok. “Saan ka dadalhin ng kabayong payat?” “Hahanapin ko ang nawawalang ulan,” sagot ng Sundalong Patpat habang inaayos ang papel na sombrero. “Pero hindi hinahanap ang ulan,” nagtataakang nagkamot ng tuktok ang sampalok. “Dumarating ito kung kailan gusto.” “Kung gayon, aalamin ko kung bakit matagal nang ayaw dumalaw ng ulan,” sagot ng Sundalong Patpat at pinatakbo ang kaniyang kabayong payat.

**Ikalawang Pangkat:** “Saan ka pupunta, O, Sundalong Patpat,” tanong ng manok. “Saan ka dadalhin ng kabayong payat?” “Hahanapin ko ang nakalimot na ulan,” sagot ng Sundalong Patpat habang nagpupunas ng pawis na tumatagaktak. “Pero hindi hinahanap ang ulan,” nagtataakang tilaok ng manok. “Dumarating ito kung tinatawagan at dinasalan.” “Kung gayon, aalamin ko kung bakit matagal nang hindi makarinig ang ulan,” sagot ng Sundalong Patpat at pinatakbo ang kaniyang kabayong payat.

**Ikatlong Pangkat:** “Saan ka pupunta, O, Sundalong Patpat,” tanong ng bundok. “Saan ka dadalhin ng kabayong payat?” “Hinahanap ko ang nawawalang ulan,” sagot ng Sundalong Patpat habang hinihimas ang kabayong humihingal. “Matagal nang umalis dito ang ulan,” paliwanag ng kalbong bundok. “Nagtago sa pinakamataas na ulap.” “Kung gayon, aakyat ko ang ulap,” sabi ng Sundalong Patpat at umimbulog agad sa simoy na pumapagaspas.

**Ikaapat na Pangkat:** “Saan ka pupunta, O, Sundalong Patpat,” tanong ng ulap. “Saan ka dadalhin ng kabayong payat?” “Hinahanap ko ang nagtatagong ulan,” sagot ng Sundalong Patpat habang tinatapik ang nahihilong kabayong payat. “Matagal nang umalis dito ang ulan,” paliwanag ng maputlang ulap. “Nagtago sa pusod ng dagat.” “Kung gayon, sisisirin ko ang dagat,” sabi ng Sundalong Patpat at lumundag pabulusok sa mga along nakatinghas.

**Ikalimang Pangkat:** “Saan ka pupunta, O, Sundalong Patpat,” tanong ng dagat. “Saan ka dadalhin ng kabayong payat?” “Hinahanap ko ang nagtatagong ulan,” sagot ng Sundalong Patpat at iwinasiwas ang espadang patpat. “Pero hindi nagtatago ang ulan,” paliwanag ng nagniningning na dagat. “Ibinilanggo ni Pugita sa kaniyang mutyang perlas.” “Kung gayon, papatayin ko si Pugita,” sabi ng matapang na Sundalong Patpat. “Palalayain ko ang ulan.” At sinugod ng Sundalong Patpat sakay ng kaniyang kabayong payat ang yungib ni Pugita. Nagulat si Pugita sa biglang pagpasok ng Sundalong Patpat na iwinawasiwas ang espadang patpat. Nagulat si Pugita sa liksi at lakas ng maliit na Sundalong Patpat. Nagulat si Pugita sa talim at talas ng kumikislap na espadang patpat.

**Una at Ikalawang Pangkat:** Mabilis at isa-isang tinigpas ng Sundalong Patpat ang malalaki't mahahabang galamay ng mabagal at matabang dambuhala. Isa, dalawa, tatlo. Apat. Lima. Anim. Pito. Walo! Huli na nang magbuga ng maitim na tinta si Pugita. Nasungkit na ng Sundalong Patpat ang mutyang perlas na nakapalawit sa kuwintas ng nalumpong hari ng dagat!

**Ikatlo at Ikaapat na Pangkat:** Hawak ang perlas, dali-daling sumibad patungong pampang ang Sundalong Patpat sakay ng mabilis na kabayong payat. Pag-ahon ay agad niyang ipinukol ang mutyang perlas paitaas, mataas, mataas na mataas, hanggang umabot sa tiyan ng ulap at sumabog na masaganang ulan.

**Ikalimang Pangkat:** Nagbunyi ang buong daigdig. Sumupling muli't naglaro ang mga damo't dahon. Nagbihis ng luntian ang mga bukid at bundok. Muling umawit ang mga ibon at ilog...

**Lahat:** "Saan ka pupunta, O, Sundalong Patpat," tanong ng sampalok. "Saan ka na naman dadalhin ng kabayong payat?" "Hahanapin ko ang gusi ng ginto sa puno ng bahaghari," sagot ng makisig na Sundalong Patpat at pinatakbo ang makisig na kabayong payat.

## ISANG DOSENANG KLASE NG HIGHSCHOOL STUDENT

Sipi mula sa **Aba, Nakakabasa na Pala Ako!** ni Bob Ong

Sa mata ng isang guro, may isang dosenang klase lang ng high school students.

**Clowns** – Ang official kenkoy ng klase. May mga one-liner na gumigising sa lahat pag nagkakaantukan na. Sabi ng ilang teacher, eto raw yung mga KSP sa klase na dahil hindi naman matalino e idinadaan na lang sa patawa ang pagpapapansin. Pero aaminin ko walang klaseng walang ganito, at kung meron man, magiging matinding sakripisyo ang pagpasok sa eskuwela araw-araw.

**Geeks** – Mga walang pakialam sa mundo, libro-teacher-blackboard lang ang iniintindi. Kahit na mainit ang ulo at bad trip ang teacher, ang mga geeks ang walang takot na lumapit sa kanila para lang itanong kung mag-iiba ang result ng equation kung isa-substitute yung value ng X sa Y

**Hollow Man** – May dalawang uri ang HM virus, ang type A at type B. Ang type A ay ang mga estudyanteng madalas invisible, bakante ang upuan, madalas absent. Type B naman ang mga mag-aaral na bagama't present e invisible naman madalas ang sagot sa mga quiz; hollow ang utak.

**Spice Girls** – Barkadahan ng mga kababaihang mahilig gumimik, sabay-sabay pero laging late na pumapasok ng room pagkatapos ng recess at lunch breack. Madalas na may hawak na suklay, brush at songhits. Pag pinagawa mo ng grupo ang isang klase, laging magkakasama sa iisang grupo ang SG.

**Da Gwapings** – ang male counterpart ng SG, isinilang sa mundo para magpa-cute. Konti lang ang miyembro nito, mga dalawa hanggang apat lang, para mas pansin ang bawat isa. Tulad ng SG, kadalasang puro hair gel lang ang laman ng utak ng mga DG.

**Celebrities** – Politicians, athletes at performers. Politicians ang mga palaban na mag-aaral na mas nag-aalala pa sa kalagayan ng eskuwelahan at mga kapwa estudyante kesa sa grades nila sa Algebra. Athletes ang ilang varsitarian na kung gaano kabilis tumakbo e ganoon din kabagal magbasa. Performers naman ang mga estudyanteng kaya lang yata pumapasok sa eskuwela e para makasayaw, makakanta, at makatula sa stage tuwing Linggo ng Wika. Sa pangkalahatan ang mga celebrity ay may matinding PR, pero mababang IQ.

**Guinness** – Mga record holders pagdating sa persistence. Pilit pinupunan ng kasipagan ang kakulangan ng katalinuhan. Sila ang kadalasang nagtatagumpay sa buhay. Masinop sa projects, aktibo sa recitation. Paulit-ulit at madalas magtaas ng kamay kahit na laging mali ang sagot.

**Leather Goods** – Mga estudyanteng may maling uri ng determinasyon. Laging determinado ang mga ito sa harapang pangongopya, bulgarang pandaraya, at palagiang pagpapalapad ng papel sa teacher. Talo ang balat ng mga buwaya sa pakapalan.

**Weirdos** – Mga Problematic students, misunderstood daw, kadalasang tinatawag na black sheep ng klase. May kaniya-kaniya silang katangian: konti ang kaibigan, madalas mapaaway, mababa ang grades, at teacher's enemy.

**Mga Anak ni Rizal** – Ang endangered species sa eskuwelahan. Straight 'A' students, pero well rounded at hindi geeks. Teacher's pet pero hindi sipsip. Hari ng Math, Science, at English, pero may oras pa rin para sa konting extra-curricular activities at gimmicks.

**Bob Ongs** – Mga medyo matalino na medyo may sayad. Eto 'yung estudyanteng habang nagle-lecture 'yung teacher e pinaplano na 'yung librong ipa-publish n'ya tungkol sa classmates n'ya.

**Commoners** – Mga generic na miyembro ng klase. Kulang sa individuality at katangiang umuukit sa isipan. Hindi sila kagad napapansin ng teacher pag absent, at sa paglipas ng panahon, sila ang mga taong unang nakakalimutan ng mga teachers at classmates nila.

Posibleng may mga estudyante na ang katangian ay kombinasyon ng mga nabanggit. Posible ring hindi lahat ng uring estudyante ay makikita sa iisang klase.

*Pp 99-102 ng librong ABNKKBSNPLAko?! Mga Kuwentong Chalk ni Bob Ong.*

**SANDAANG DAMIT**

Fanny Garcia

May isang batang mahirap. Nag-aaral siya. Sa paaralan ay kapansin-pansin ang kaniyang pagiging walang-imik. Malimit siyang nag-iisa. Laging nasa isang sulok. Kapag nakaupo na'y tila ipinagkit. Laging nakayuko, mailap ang mga mata, sasagot lamang kapag tinatawag ng guro. Halos paanas pa kung magsalita.

Naging mahiyain siya sapagkat maaga niyang natuklasang kaiba ang kaniyang kalagayan sa mga kaklase. Ipinakita at ipinabatid nila iyon sa kaniya. Mayayaman sila. Magaganda at iba-iba ang kanilang damit na pamasok sa paaralan. Malimit nila siyang tuksuhin sapagkat ang kaniyang damit, kahit nga malinis, ay halatang luma na, palibhasa'y kupasin at punung-puno ng sulsi.

**Ilarawan ang pisikal at emosyunal na kalagayan ng batang babae.**

Kapag oras na ng kainan at labasan na ng kani-kanilang pagkain, halos ayaw niyang ilitaw ang kaniyang baon. Itatago niya sa kandungan ang kaniyang pagkain, pipiraso ng pakonti-konti, tuloy subo sa bibig, mabilis upang hindi malaman ng mga kaklase ang kaniyang dalang pagkain. Sa sulok ng kaniyang mata ay masusulyapan niya ang mga pagkaing nakadispley sa ibabaw ng pupitre ng mga kaklase: mansanas, sandwiches, kending may iba-ibang hugis at kulay na pambalot na palara.

Ang panunukso ng mga kaklase ay hindi nagwawakas sa kaniyang mga damit. Tatangkain nilang silipin kung ano ang kaniyang pagkain at sila'y magtatawanan kapag nakita nilang ang kaniyang baon ay isa lamang pirasong tinapay na karaniwa'y walang palaman.

Kaya lumayo siya sa kanila. Naging walang kibo. Mapag-isa.

Ang nangyayaring ito'y hindi naman lingid sa kaniyang ina. Sa bahay ay di minsan o makalawa siyang umuuwing umiiyak dahil sa panunukso ng mga kaklase, at siya'y magsusumbong. Mapapakagat-labi ang kaniyang ina, matagal itong hindi makakakibo, at sabay haplos nito sa kaniyang buhok at paalong sasabihin sa kaniya, hayaan mo sila anak, huwag mo silang pansinin, hamo, kapag nakakuha ng maraming pera ang iyong ama, makakapagbaon ka na rin ng masasarap na pagkain, mabibili na rin kita ng maraming damit.

At lumipas pa ang maraming araw. Ngunit ang ama'y hindi pa rin nakapag-uwi ng maraming pera kaya ganoon pa rin ang kanilang buhay. Ngunit ang bata'y unti-unting

nakaunawa sa kanilang kalagayan. Natutuhan niyang makibahagi sa malaking suliranin ng kanilang pamilya. Natutuhan niyang sarilinin ang pagdaramdam sa panunukso ng mga kaklase. Hindi na siya umuuwing umiiyak. Hindi na siya nagsusumbong sa kaniyang ina.

Sa kaniyang pagiging tahimik ay ipinalalagay ng kaniyang mga kaklase na siya’y kanilang talun-talunan kaya lalong sumidhi ang kanilang pambubuska. Lumang damit. Di masarap na pagkain. Mahirap. Isinalaksak nila sa kaniyang isip.

Hanggang isang araw ay natuto siyang lumaban.

Sa buong pagtataka nila’y bigla na lamang nagkatinig ang mahirap na batang babaeng laging kupasin, puno ng sulsi, at luma ang damit, ang batang laging kakaunti ang baong pagkain. Yao’y isa na naman sanang pagkakataong walang magawa ang kaniyang mga kaklase at siya na naman ang kanilang tinutukso.

“Alam n’yo,” aniya sa malakas at nagmamalaking tinig, “ako’y may sandaang damit sa bahay.”

Nagkatinginan ang kaniyang mga kaklase, hindi sila makapaniwala.

“Kung totoo ya’y ba’t lagi na lang luma ang suot mo?”

Mabilis ang naging tugon niya, “Dahil iniingatan ko ang aking sandaang damit. Ayokong maluma agad.”

“Sinungaling ka! Ipakita mo muna sa’min para kami maniwala!” lisang tinig na sabi nila sa batang mahirap.

“Hindi ko madadala rito. Baka makagalitan ako ni Nanay. Kung gusto n’yo’y sasabihin ko na lang kung ano ang tabas, kung ano ang tela, kung ano ang kulay, kung may laso o bulaklak.”

At nagsimula na nga siyang maglarawan ng kaniyang mga damit. Ayon sa kaniya’y may damit siya para sa iba-ibang okasyon. May damit siyangambahay, pantulog, pampaaralan, pansimbahan, at iba pa.

Naging mahaba ang kaniyang pagkukuwento. Paano’y inilarawan niya hanggang kaliit-liitang detalye ang bawat isa sa kaniyang sandaang damit. Tulad halimbawa ng isang damit na pandalo niya sa pagtitipon. Makintab na rosas ang tela nito na sinabugan

ng pinaggupit-gupit na mumunting bulaklak at makikislap na rosas at puting abaloryo. Bolga ang manggas. May tig-isang malaking laso sa magkabilang balikat. Hanggang sakong ang haba ng damit.

O kaya'y ang kaniyang dilaw na pantulog na may prutas sa kuwelyo, manggas, at laylayan. O ang kaniyang puting pansimba na may malapad na sinturon at malalaking bulsa.

Mula noo'y naging kaibigan niya ang mga kaklase. Ngayo'y siya ang naging tagapagsalita at sila naman ang kaniyang tagapakinig. Lahat sila'y natutuwa sa kaniyang kuwento tungkol sa sandaang damit. Nawala ang kaniyang pagkamahiyain. Naging masayahin siya bagaman patuloy pa rin ang kaniyang pamamayagat kahit ngayo'y nabibigyan nila siya ng kapisaso ng kanilang baong mansanas o sandwich, isa o dalawang kendi.

Ngunit isang araw ay hindi pumasok sa klase ang mahirap na batang babaeng may sandaang damit. Saka ng sumunod na araw. At nang sumunod pa. At pagkaraan ng isang linggong hindi niya pagpasok ay nabahala ang kaniyang mga kaklase at guro.

Isang araw ay nagpasya silang dalawin ang batang matagal na lumiban sa klase. Ang natagpuan nilang bahay ay sira-sira at nakagiray na sa kalumaan.

Sumungaw ang isang babaeng payat, iyon ang ina ng batang mahirap. Pinatuloy sila at nakita nila ang maliit na kabuuan ng kabahayan na salat na salat sa anumang marangyang kasangkapan. At sa isang sulok ay isang lumang teheras at doon nakaratay ang batang babaeng may sakit pala. Ngunit sa mga dumalaw ay di agad ang maysakit ang napagtuunang-pansin kundi ang mga papel na maayos na maayos na nakahanay at nakadikit sa dingding na kinasasandigan ng teheras. Lumapit sila sa sulok na yaon at nakita nilang ang mga papel na nakadikit sa dingding ay ang drowing ng bawat isa sa kaniyang sandaang damit. Magaganda, makukulay. Naroong lahat ang kaniyang naikuwento. Totoo't naroon ang sinasabi niyang rosas na damit na pandalo sa pagtitipon. Naroon din ang drowing ng kaniyang pantulog, ang kaniyang pansimba, ang sinasabi niyang pamasok sa paaralan na kailanma'y hindi nasilayan ng mga kaklase dahil ayon sa kaniya'y nakatago't iniingatan niya sa bahay.

Sandaang damit na pawang iginuhit lamang.



## KUNG BAKIT UMUULAN

Isang Kuwentong Bayan

Noong unang panahon, wala pang mundo, wala pang araw at buwan, wala pang oras, at wala pang buhay o kamatayan. Mayroon lang dalawang diyos, si Tungkung Langit, at ang kaniyang kabiyak na si Alunsina.

“Tingnan mo, mahal, lilikhain ko ang santinakpan para sa iyo!” pagmamalaking sabi ni Tungkung Langit.

“Hayaan mong tulungan kita, kaya ko ring lumikha,” ang sabi ni Alunsina.

“Huwag kang mag-alala, mahal, ito ang regalo ko sa iyo: ang mga bituin, ang mga planeta, ang buwan, ang mga ulap, at ang hangin.”

“Pero makapangyarihan din naman ako, dahil isa akong diyosa,” bulong ni Alunsina. Ngumiti lang si Tungkung Langit at niyakap si Alunsina. Pagkatapos, tumindig siya nang matikas, huminga nang malalim, at sumigaw nang pagkalakas-lakas sa kawalan.

Lahat ng sabihin ni Tungkung-Langit ay nagkatotoo. Kumalat ang sinag ng bagong likhang araw. Kumislap-kislap ang mga bituin. Umikot ang mga planeta at lumiwanag ang buwan. Humangin nang pagkalakas-lakas.

At naulit ito nang naulit. Mahal na mahal ni Tungkung Langit si Alunsina, kaya ayaw niya itong mapagod. Ayaw niyang gumamit ng kahit isang daliri si Alunsina upang lumikha ng kahit isang bagay.

“Mas gugustuhin kong maupo ka na lang, magpahinga, at maging maganda,” ang sabi ni Tungkung Langit kay Alunsina.

Ngunit sawa na si Alunsina sa ganoong klaseng buhay. Naramdaman niyang parang wala siyang silbi bilang diyosa. Gusto niyang lumikha.

“Huwag kang mag-alala,” sabi ni Tungkung Langit sa kaniyang iniibig, “wawakasan ko ang iyong pagkabagot. Lilikha ako ng... oras!” At nagsimula nga ang oras.

Kasamang nalikha ng oras ang alaala... at naalala ni Alunsina ang panahong wala pang laman ang kalawakan, nang hindi siya nakalikha ng kahit ano. “Gusto kong lumikha!” sabi ni Alunsina.

Isang araw, patagong sinundan ni Alunsina si Tungkung Langit. Nang makita siya ni Tungkung Langit, agad siyang tinanong: “Bakit ka narito? Bakit mo ako sinusundan?”

“Gusto kong lumikha! Diyos din ako tulad mo!” sabi ni Alunsina.

“Nababagot ka ba uli, mahal? Huwag kang mag-alala, lilikhain ko ang kulog at kidlat para sa iyo!”

Lumiwanag at dumagundong sa buong kalangitan dahil sa kulog at kidlat. Nagulat ang buong santinakpan. Nagtago ang araw, ang buwan at bituin. Kahit ang hangin ay tumigil sa pag-hip! Pero hindi natinag si Alunsina. Nakatayo lang siya doon, nanonood, nakakunot ang noo.

“Sawa na akong panoorin ka lang lumikha ng planeta at araw at bituin! Sawa na akong naririto lang, nakaupo, walang ginagawa! Kaya kong lumikha! Isa rin akong diyosa!”

Pero hindi siya pinakinggan ni Tungkung Langit. Umalis siya at lumikha pa ng maraming bagay sa kalawakan. Akala niya ay nagpapapansin lang si Alunsina.

Hindi na nakayanan ni Alunsina ang lungkot sa kaniyang puso, kaya lumayas siya sa kanilang tirahan. Pag-uwi ni Tungkung Langit, gulat na gulat siya nang makitang walang apoy sa kanilang kalan, walang pagkain sa kanilang mesa. At wala na rin ang kaniyang Alunsina.

“Alunsina! Alunsina!” Hinanap nang hinanap ni Tungkung Langit ang kaniyang asawa, ngunit hindi niya ito matagpuan. Tinawag niya nang tinawag ang pangalan ni Alunsina, ngunit walang binalik ang hangin kundi alingawngaw.

Lumipas ang mahabang panahon, at nagsawa rin sa paglikha si Tungkung Langit. Araw-araw, hinanap ni Tungkung Langit ang kaniyang iniibig. Ngunit wala siyang nakita.

Isang araw, sumilip si Tungkung Langit mula sa ilang ulap. Hinawi niya ang mga ulap at sa kaniyang gulat, naroon ang kaniyang asawang si Alunsina.

“Anong ginagawa mo diyan, mahal? Matagal na kitang hinahanap!”

Tumingala si Alunsina. Kitang-kita sa kaniyang mukha ang kaligayahang matagal nang hinahangad ni Tungkung Langit.

“Nilikha ko ang daigdig. Ang daigdig na may puno at halaman, isda at mga ibon. Nilikha ko ang mga bundok, ang langit, ang karagatan. Nilikha ko ang buhay, dahil isa rin

akong diyos.” At nagpatuloy si Alunsinang lumikha.

Nasaktan si Tungkung Langit. Ang kaligayahang nakita niya sa mukha ng kaniyang asawa ay hindi dahil sa pagkakita sa kaniya.

Mula noon, hindi na bumalik si Alunsina sa kalangitan. Paminsan-minsan, sinusubok siyang pabalikin ni Tungkung Langit sa pamamagitan ng paglikha ng kulog at kidlat. Ngunit hindi na babalik muli si Alunsina.

Mula noon, upang mabisita ni Tungkung Langit ang kaniyang dating asawa, kailangan niyang mag-anyong ulan. Ulan na didilig sa daigdig na nilikha ng kaniyang iniibig, si Alunsina.

**ALAMAT NI TUNGKUNG LANGIT**

ni Roberto Añonuevo

Hindi makapaniwala ang mga tao noon na wala naman talagang langit at lupa. Ako, si Alunsina, at ang asawa kong si Tungkung Langit ang pinagmulan ng lahat ng bagay. Kaming dalawa lamang ang pinag-ugatan ng buhay. Mula sa kaibuturan ng kawalan, itinakda ng aming kasaysayan ang paglitaw ng daigdig ng mga tao.

Nabighani si Tungkung Langit nang una niya akong makita. Katunayan, niligawan niya ako nang napakatagal, sintagal ng pagkakabuo ng tila walang katapusang kalawakan na inyong tinitingala tuwing gabi. At paanong hindi mapaiibig si Tungkung Langit sa akin? Mahahaba't mala-sutla ang buhok kong itim. Malantik ang aking balakang at balingkinitan ang mahalimuyak na katawan. Higit sa lahat, matalas ang aking isip na tumutugma lamang sa gaya ng isip ni Tungkung Langit.

Kaya sinikap ng aking matipuno't makapangyarihang kabiyak na dalhin ako doon sa pook na walang humpay ang pag-agos ng dalisay, maligamgam na tubigan. Malimit kong marinig ang saluysoy ng tubig, na siya ko namang sinasabayan sa paghimig ng maririkit na awit. Napapatigalgal si Tungkung Langit tuwing maririnig ang aking tinig. "Alunsina," aniya, "ikaw ang iibigin ko saan man ako sumapit!" Pinaniwalaan ko ang kaniyang sinambit. At ang malamig na simoy sa paligid ang lalo yatang nagpapainit ng aming dibdib kapag kami'y nagniniig.

Napakasipag ng aking kabiyak. Umaapaw ang pag-ibig niya; at iyon ang aking nadama, nang sikapin niyang itakda ang kaayusan sa daloy ng mga bagay at buhay sa buong kalawakan.

Iniatang niya sa kaniyang balikat ang karaniwang daloy ng hangin, apoy, lupa, at tubig. Samantala'y malimit akong maiwan sa aming tahanan, na siya ko namang kinayamutan. Bagaman inaaliw ko ang sarili sa paghabi ng mga karunungan ipamamana sa aming magiging anak, hindi mawala sa aking kalooban ang pagkainip. Wari ko, napakahaba ang buong maghapon kung naroroon lamang ako't namimintana sa napakalaki naming bahay.

Madalas akong gumawi sa aming pasigan, at manalamin sa malinaw na tubig habang sinusuklay ang mababangong buhok. Ngunit tuwing tititig ako sa tubig, ang nakikita ko'y hindi ang sarili kundi ang minamahal na si Tungkung Langit.

Sabihin nang natutuhan ko kung paano mabagabag. Ibig kong tulungan ang aking kabiyak sa kaniyang mabibigat na gawain. Halimbawa, kung paano itatakda ang hihip ng hangin. O kung paano mapasisiklab ang apoy sa napakabilis na paraan. O kung paano gagawing malusog ang mga lupain upang mapasupling nang mabilis ang mga

pananim. Ngunit ano man ang aking naisin ay hindi ko maisakatuparan. Tumatanggi ang aking mahal. “Dito ka na lamang sa ating tahanan, Alunsina, di ko nais na makita kang nagpapakapagod!”

Tuwing naririnig ko ang gayong payo ni Tungkung Langit, hindi ko mapigil ang maghinaanakit. Kaparis ko rin naman siyang bathala, bathala na may angkin ding kapangyarihan at dunong. Tila nagtutukop siya ng mga tainga upang hindi na marinig ang aking pagpupumilit. Nagdulot iyon ng aming pagtatalo. Ibig kong maging makabuluhan ang pag-iral. At ang pag-iral na yaon ang sinasagkaan ng aking pinakamamahal.

Araw-araw, lalong nagiging abala si Tungkung Langit sa kaniyang paggawa ng kung ano-anong bagay. Makikita ko na lamang siyang umaalis sa aming tahanan nang napakaaga, kunot ang noo, at tila laging malayo ang iniisip. Aaluin ko siya at pipisilin naman niya ang aking mga palad . “Mahal kong Alunsina, kapag natapos ko na ang lahat ay wala ka nang hahanapin pa!” At malimit nagbabalik lamang siya kapag malalim na ang gabi.

Sa mga sandaling yaon, hindi ko mapigil ang aking mga luha na pumatak; napapakagat-labi na lamang ako habang may pumipitlag sa aking kalooban.

Dumating ang yugtong nagpaalam ang aking kabiyak. “Alunsina, may mahalaga akong gawaing kailangang matapos,” ani Tungkung Langit. “Huwag mo na akong hintayin ngayong gabi’t maaga kang matulog. Magpahinga ka. Magbabalik din agad ako. . . .” May bahid ng pagmamadali ang tinig ng aking minamahal. Lingid sa kaniya, nagsisimula nang mamuo sa aking kalooban ang matinding paninibugho sa kaniyang ginagawa. Umalis nga si Tungkung Langit at nagtungo kung saan. Subalit pinatitikan ko siya sa dayaray upang mabatid ang kaniyang paroroonan. Ibig ko siyang sundan.

Natunugan ni Tungkung Langit ang aking ginawa. Nagalit siya sa dayaray at ang dayaray ay isinumpa niyang paulit-ulit na hihip sa dalampasigan upang ipagunita ang pagsunod niya sa nasabing bathala. Samantala, nagdulot din yaon ng mainit na pagtatalo sa panig naming dalawa.

“Ano ba naman ang dapat mong ipanibugho, Alunsina?” asik ni Tungkung Langit sa akin. “Ang ginagawa ko’y para mapabuti ang daloy ng aking mga nilikha sa daigdig ng mga tao!” Napoot ang aking kabiyak sa akin. Nakita ko sa kaniyang mga mata ang paglalagablab, at lumalabas sa kaniyang bibig ang usok ng pagkapoot. Dahil sa nangyari, inagaw niya sa akin ang kapangyarihan ko. Ipinagtabuyan niya ako palabas sa aming tahanan.

Oo, nilisan ko ang aming bahay nang walang taglay na anumang mahalagang bagay. Nang lumabas ako sa pintuan, hindi na muli akong lumingon nang hindi ko makita ang bathalang inibig ko noong una pa man. Hubad ako nang una niyang makita. Hubad di ako nang kami'y maghiwalay.

Alam kong nagkamali ng pasiya si Tungkung Langit na hiwalayan ako. Mula noon, nabalitaan ko na lamang na pinananabikan niya ang paghihintay ko sa kaniya kahit sa gitna ng magdamag; hinahanap niya ang aking maiinit na halik at yakap; pinapangarap niyang muling marinig ang aking matarling na tinig; inaasam-asam niya na muli akong magbabalik sa kaniyang piling sa paniniwalang ibig kong makamit muli ang kapangyarihang inagaw niya sa akin. Ngunit hindi.

Hindi ko kailangan ang aking kapangyarihan kung ang kapangyarihan ay hindi mo rin naman magagamit. Hindi ko kailangan ang kapangyarihan kung magiging katumbas iyon ng pagkabilanggo sa loob ng bahay at paglimot sa sariling pag-iral.

Ipinaabot sa akin ng dayaray ang naganap sa dati naming tahanan ni Tungkung Langit. Sinlamig ng bato ang buong paligid. Pumusyaw ang dating matitingkad na palamuti sa aming bahay. Lumungkot nang lumungkot si Tungkung Langit at laging mainit ang ulo. "Mabuti naman," sabi ko sa dayaray. "Ngayon, matututo rin si Tungkung Langit na magpahalaga sa kahit na munting bagay."

Umaalingawngaw ang tinig ni Tungkung Langit at inaamo ako dito sa aking bagong pinaghihimpilan upang ako'y magbalik sa kaniya. Ayoko. Ayoko nang magbalik pa sa kaniya. Kahit malawak ang puwang sa aming pagitan, nadarama ko ang kaniyang paghikbi. Oo, nadarama ko ang kaniyang pighati. Lumipas ang panahon at patuloy niya akong hinanap. Ngunit nanatili siyang bigo.

Ang kaniyang pagkabigo na mapanumbalik ang aking pagmamahal ay higit niyang dinamdam. Nagdulot din yaon sa kaniya upang lalong maging malikhain sa paghahanap. Akala niya'y maaakit ako sa kaniyang gawi. Habang nakasakay sa ulap, naisip niyang lumikha ng malalawak na karagatan upang maging salamin ko. Hindi ba, aniya, mahilig si Alunsina na manalamin sa gilid ng aming sapa? Nababaliw si Tungkung Langit. Hindi gayon kababaw ang aking katauhang mabilis maaakit sa karagatan.

Pumaloob din si Tungkung Langit sa daigdig na nilikha niya na laan lamang sa mga tao. Naghasik siya ng mga buto at nagpasupling ng napakaraming halaman, damo, palumpong, baging, at punongkahoy. "Marahil, maiibigan ito ni Alunsina," ang tila narinig kong sinabi niya. Gayunman, muli siyang nabigo dahil hindi ako nagbalik sa

kaniyang piling.

Humanap pa ng mga paraan ang dati kong kabiyak upang paamuin ako. Halimbawa, kinuha niya sa dati naming silid ang mga nilikha kong alahas. Ipinukol niya lahat ang mga alahas sa kalawakan upang masilayan ko. Naging buwan ang dati kong ginintuang suklay; naghunos na mga bituin ang mga hiyas ko't mutya; at naging araw ang ginawa kong pamutong sa ulo. Kahit ano pa ang gawin ni Tungkung Langit, hindi na muli akong nagbalik sa kaniyang piling.

Namighati siya. At nadama niya kung paanong mamuhay nang mag-isa, gaya lamang ng naganap sa akin dati doon sa aming tirahan. Lumuha nang lumuha si Tungkung Langit, at ang kaniyang pagluha ay nagdulot sa unang pagkakataon ng pag-ulan. Kapag siya'y humahagulgol, nagbubunga yaon ng malalakas na pagkulog at pagkidlat. May panahong tumitindi ang kaniyang pighati, kaya huwag kayong magtaka kung bakit umuulan. Ang mga luha ni Tungkung Langit ang huhugas sa akin, at sa aking kumakawag na supling.

*Hango sa mito ng Hiligaynon at Waray, at muling isinalaysay ni Roberto T. Añonuevo*

**SALAMIN**

Assunta Cuyegkeng

Walang kurap siyang titingin sa akin,  
itong kakambal ko sa salamin.  
Pag-aaralan ang linya at pekas  
na unti-unti nang kumalat sa aking mukha  
pag-aaralan pati ang mata kong  
kape pala ang kulay, hindi itim.

Walang kurap siyang magmamasid,  
pag-aaralan ang takbo ng aking dibdib  
na kung minsan, kumakabog,  
kung minsan, natutulog.

Dito nagtatago ang aking mangingibig,  
ina at ama, anak, kapatid,  
ang init ng gising kong dugo,  
ang hininga ng Diyos na matiyagang  
nakikinig.

Tatapatan niya ako,  
sisipatin mula paa hanggang ulo  
at ihaharap sa akin,  
walang retoke,  
ang buo kong pagkatao.

*Canterbury, 1 Mayo 1992*



**ANG PINTOR**

Jerry Gracio

Gumuhit siya ng ibon  
Lumipad ito palayo  
Gumuhit siya ng isda,  
Lumangoy ito sa hangin.  
Gumuhit siya ng bulaklak,  
Nagkalat ang halimuyak sa dilim.  
Iginuhit niya ang sarili,  
At inangkin siya ng kambas.

**IMPENG NEGRO**

Rogelio R. Sikat

BAKA makikipag-away ka na naman, Impen.”

Tinig iyon ng kaniyang ina. Nangangaral na naman. Mula sa kinatatalungkuang giray na batalan, saglit siyang napatigil sa paghuhugas ng mumo sa kamay.

“Hindi ho,” paungol niyang tugon.

“Hindi ho...,” ginagad siya ng ina. “Bayaan mo na nga sila. Kung papansinin mo’y lagi ka ngang mababasag-ulo.”

May iba pang sinasabi ang kaniyang ina ngunit hindi na niya pinakinggan. Alam na niya ang mga iyon. Paulit-ulit na niyang naririnig. Nakukulili na ang kaniyang tainga.

Isinaboy niya ang tubig na nasa harap. Muli siyang tumabo. Isinawak niya ang kamay, pinagkiskis ang mga palad at pagkaraa’y naghilamos.

“Dumaan ka kay Taba mamayang pag-uwi mo,” narinig niyang bilin ng ina. “Wala nang gatas si Boy. Eto ang pambili.”

Tumindig na siya. Nanghihinamad at naghihikab na iniunat ang mahahabang kamay. Inaantok pa siya. Gusto pa niyang magbalik sa sulok na kaniyang higaan. Ngunit kailangang lumakad na siya. Tatanghaliin na naman bago siya makasahod. At naroon na naman marahil si Ogor. Kahit siya ang nauna ay lagi siyang inuunahan ni Ogor sa pagsahod.

Umingit ang sahig ng kanilang barungbarong nang siya’y pumasok.

“Nariyan sa kahon ang kamiseta mo.”

Sa sulok ng kaniyang kaliwang mata’y nasulyapan niya ang ina. Nakaupo ito, taas ang kaliwang paa, sa dulo ng halos dumapa nang bangko. Nakasandig ang ulo sa tagpiang dingding. Nakalugay ang buhok. Bukas ang kupasing damit na giris, nakahantad ang laylay at tuyot na dibdib. Kalong nito ang kaniyang kapatid na bunso. Pinasususo.

“Mamaya, baka umuwi ka namang...basag ang mukha.”

Bahagya na niyang naulinigan ang ina. Nakatitig siya sa tatlo pa niyang kapatid. Sunud-sunod na nakatalungko ang mga ito sa isa pang bangkong nasa tagiliran ng nanggigimalmal na mesang kainan. Nagsisikain pa.

Matagal na napako ang kaniyang tingin kay Kano, ang sumunod sa kaniya. Maputi si Kano, kaya ganito ang tawag dito sa kanilang pook. Kakutis ni Kano ang iba pa niyang kapatid. Marurusing ngunit mapuputi. May pitong taon na si Kano. Siya nama'y maglalabing-anim na. Payat siya ngunit mahahaba ang kaniyang biyas.

Hinalungkat na niya ang kahong karton na itinuro ng ina. Magkakasama ang mga damit nila nina Kano, Boyet at Diding. Sa may ilalim, nakuha niya ang kulay-lumot niyang kamiseta. Hinawakan niya iyon sa magkabilang tirante. Itinaas. Sinipat.

“Yan na’ng isuot mo.” Parang nahulaan ng kaniyang ina ang kaniyang iniisip.

Isinuot niya ang kamiseta. Lapat na lapat sa kaniya ang kamisetang iyon noong bagong bili ngunit ngayo’y maluwag na. Nagmumukha siyang Intsik-beho kapag suot iyon ngunit wala naman siyang maraming kamisetang maisusuot. Mahina ang kita ng kaniyang ina sa paglalabada; mahina rin ang kaniyang kita sa pag-aagwador.

Nagbalik siya sa batalan. Nang siya’y lumabas, pasan na niya ang kargahan. Tuluy-tuloy niyang tinungo ang hagdan.

“Si Ogor, Impen,” pahabol na bilin ng kaniyang ina. “Huwag mo nang papansinin.”

Naulinigan niya ang biling iyon at aywan kung dahil sa inaantok pa siya, muntik na siyang madapa nang matalisod sa nakausling bato sa may paanan ng kanilang hagdan.

Tuwing umagang mananaog siya upang umigib, pinagpapaalalahanan siya ng ina. Huwag daw siyang makikipagbabag. Huwag daw niyang papansinin si Ogor. Talaga raw gayon ito: basagulero. Lagi niyang isinasaisip ang mga biling ito ngunit sadya yatang hindi siya makapagtitimpi kapag naririnig niya ang masasakit na panunukso sa kaniya sa gripo, lalung-lalo na mula kay Ogor.

Si Ogor, na kamakailan lamang ay bumabag sa kaniya, ang malimit magsisimula ng panunukso:

“Ang itim mo, Impen!” itutukso nito.

“Kapatid mo ba si Kano?” isasabad ng isa sa mga nasa gripo.

“Sino ba talaga ang tatay mo?”

“Sino pa,” isisingit ni Ogor, “di si Dikyam!”

Sasambulat na ang nakabibing tawanan. Pinakamatunog ang tawa ni Ogor. Si Ogor ang kinikilalang hari sa gripo.

Noong una, sinasagot niya ang mga panunuksong ito:

“E ano kung maitim?” isasagot niya.

Nanunuri ang mga mata at nakangising iikutan siya ni Ogor. Pagkuwa’y bigla na lamang nitong kakayurin ng hintuturo ang balat sa kaniyang batok.

“Negrung-negro ka nga, Negro,” tila nandidiring sasabihin ni Ogor. Magsusunuran nang manukso ang iba pang agwador. Pati ang mga batang naroon: Tingnan mo ang buhok. Kulot na kulot! Tingnan mo ang ilong. Sarat na sarat! Naku po, ang nguso... Namamalirong!

Sa katagalan, natanggap na niya ang panunuksong ito. Iyon ang totoo, sinasabi niya sa sarili. Negro nga siya. Ano kung Negro? Ngunit napapikit siya. Ang tatay niya’y isang sundalong Negro na nang maging anak siya’y biglang nawala sa Pilipinas.

Ang panunuksong hindi niya matanggap, at siya ngang pinagmulan ng nakaraan nilang pagbababag ni Ogor, ay ang sinabi nito tungkol sa kaniyang ina. (Gayon nga kaya kasama ang kaniyang ina?)

“Sarisari ang magiging kapatid ni Negro,” sinabi ni Ogor. “Baka makatatlo pa ang kaniyang nanay ngayon!”

Noong kabuntisan ng kaniyang ina sa kapatid niyang bunso ay iniwan ito ng asawa. Hindi malaman kung saan nagsuot. At noon, higit kailanman, naging hamak sila sa pagtingin ng lahat. Matagal-tagal ding hindi naglabada ang kaniyang ina, nahihiyang lumabas sa kanilang barungbarong. Siya ang nagpatuloy sa pag-aagwador. At siya ang napagtuunan ng sarisaring panunukso.

Natandaan niya ang mga panunuksong iyon. At mula noon, nagsimula nang umalimpuyo sa kaniyang dibdib ang dati’y binhi lamang ng isang paghihimagsik: nagsusumigaw na paghihimagsik sa pook na iyong ayaw magbigay sa kanila ng pagkakataong makagitaw at mabuhay nang payapa.

Sariwa pa ang nangyaring pakikipagbabag niya kay Ogor, naiisip ni Impen habang tinatalunton niya ang mabatong daan patungo sa gripo. Mula sa bintana ng mga

barungbarong, nakikita niyang nagsusulputan ang ulo ng mga bata. Itinuturo siya ng mga iyon. Sa kaniya rin napapatingin ang matatanda. Walang sinasabi ang mga ito, ngunit sa mga mata, sa galaw ng mga labi nababasa nya ang isinisigaw ng mga paslit: Negro!

Napapatungo na lamang siya.

Natatanaw na niya ngayon ang gripo. Sa malamig ngunit maliwanag nang sikat ng araw, nakikita na niya ang langkay ng mga agwador. Nagkakatipun-tipon ang mga ito. Nagkakatuwaan. Naghaharutan.

Sa langkay na iyon ay kilalang-kilala niya ang anyo ni Ogor. Paano niya malilimutan si Ogor? Sa mula't mula pa, itinuring na siya nitong kaaway, di kailanman binigyan ng pagkakataong maging kaibigan.

Halos kasinggulang niya si Ogor, ngunit higit na matipuno ang katawan nito. Malakas si Ogor. Tuwid ang tindig nito at halos hindi yumuyuko kahit may pasang balde ng tubig; tila sino mang masasalubong sa daan ay kayang-kayang sagasaan.

Nang marating niya ang gripo ay tungo ang ulong tinungo niya ang hulihan ng pila. Marahan niyang inalis sa pagkakakawit ang mga balde. Sa sarili, nausal niyang sana'y huwag siya ang maging paksa ng paghaharutan at pagkakatuwaan ng mga agwador.

Nakakaanim na karga na si Impen. May sienta sentimos nang kumakalansing sa bulsa ng kutod niyang maong. May isa pang nagpapaigib sa kaniya. Diyes sentimos na naman. Kapag tag-araw ay malaki-laki rin ang kinikita ng mga agwador. Mahina ang tulo ng tubig sa kanilang pook. At bihira ang may poso.

Tanghali na akong makauwi nito, nausal niya habang binibilang sa mata ang mga nakapilang balde. Maluwag ang parisukat na sementong kinatitirikan ng gripo at ang dulo ng pila'y nasa labas pa niyon.

Di-kalayuan sa gripo ay may isang tindahan. Sa kalawanging medya-agwa niyon ay nakasilong ang iba pang agwador. May naghubad na ng damit at isinampay na lamang sa balikat. May nagpapaypay. May kumakain ng halu-halo.

Sa pangkat na iyon ay kay Ogor agad natutok ang kaniyang tingin. Pinilit niyang supilin ang hangaring makasilong. Naroon sa tindahan si Ogor. Hubad-baro at ngumingisi. Mauupo na lamang siya sa kaniyang balde. Mabuti pa roon, kahit nakabilad sa init. Pasasaan ba't di iikli ang pila? Naisip niya. Makasasahod din ako.

Kasalukuyan siyang nagtitiis sa init nang may maulinigan siyang siga mula sa tindahan:

“Hoy, Negro, sumilong ka. Baka ka pumuti!”

Si Ogor iyon. Kahit hindi siya lumingon, para na niyang nakita si Ogor. Nakangisi at nanunukso na naman.

“Negro,” muli niyang narinig, “sumilong ka sabi, e. Baka ka masunog!”

Malakas ang narinig niyang tawanan. Hindi pa rin siya lumilingon. Tila wala siyang naririnig. Nakatingin siya sa nakasahod na balde ngunit ang naiisip niya’y ang bilin ng ina, na huwag na niyang papansinin si Ogor. Bakit nga ba niya papansinin si Ogor?

Tinigilan naman ni Ogor ang panunukso. Hindi pa rin siya umaalis sa kinauupuang balde. At habang umiisod ang pila, nararamdaman niyang lalong umiinit ang sikat ng araw. Sa paligid ng balde, nakikita niya ang kaniyang anino. Tumingala siya ngunit siya’y nasilaw. Nanghahapdi at waring nasusunog ang kaniyang balat. Tila ibig nang matuklap ang balat sa kaniyang batok, likod at balikat. Namumuo ang pawis sa kaniyang anit at sa ibabaw ng kaniyang nguso. May butil na rin ng pawis sa kaniyang ilong.

Itinaas niya ang tirante ng kamiseta. Hinipan-hipan niya ang manipis na dibdib. Di natagalan, isinawak niya ang kamay sa nalalabing tubig sa balde. Una niyang binasa ang batok--kaylamig at kaysarap ng tubig sa kaniyang batok. Malamig. Binasa niya ang ulo. Kinuskos niya ang kaniyang buhok at nabasa pati ang kaniyang anit. Binasa niya ang balikat, ang mga bisig. May nadama siyang ginhawa ngunit pansamantala lamang iyon. Di nagtagal, muli niyang naramdaman na tila nangangalirang na naman ang kaniyang balat. Kay hapdi ng kaniyang batok at balikat.

“Negro!” Napauwid siya sa pagkakaupo nang marinig iyon. Nasa likuran lamang niya ang nagsalita. Si Ogor. “Huwag ka nang magbibilad. Doon ka sa lamig.”

Pagkakataon na ni Ogor upang sumahod. At habang itinatapat nito ang balde sa gripo, muli niyang nakita na nginingisihan siya nito.

Napakatagal sa kaniya ang pagkapuno ng mga balde ni Ogor. Napabuntong-hininga siya nang makitang kinakawitan na ni Ogor ang mga balde. Sa wakas, aalis na si Ogor, naisip niya. Aalis na si Ogor. Huwag na sana siyang bumalik.

May galak na sumusuno sa kaniyang dibdib habang pinagmamasdan ang pagkapuno ng sinundang balde. Susunod na siya. Makaka sahod na siya. Makakasahod na rin ako, sabi niya sa sarili. Pagkaraan ng kargang iyon ay uuwi na siya. Daraan pa nga pala siya kay Taba. Bibili ng gatas.

Datapwa, pagkaalis ng hinihintay niyang mapunong balde, at isasahod na lamang ang sa kaniya, ay isang mabigat at makapangyarihang kamay ang biglang pumatong sa kaniyang balikat. Si Ogor ang kaniyang natingala. Malapit lamang pala ang pinaghatidan nito ng tubig.

“Gutom na ako, Negro,” sabi ni Ogor. “Ako muna.”

Pautos iyon. Iginitgit ni Ogor ang bitbit na balde at kumalantog ang kanilang mga balde. Iginitgit din niya ang sa kaniya, bahagya nga lamang at takot na paggitgit. “Kadarating mo pa lamang, Ogor, nais niyang itutol. Kangina pa ako nakapila rito, a. Ako muna sabi, e,” giit ni Ogor.

Bantulot niyang binawi ang balde, nakatingin pa rin kay Ogor. Itinaob niya ang kaunting nasahod na balde at ang tubig ay gumapang sa semento at umabog sa kanilang mga paa ni Ogor. Uuwi na ako, bulong niya sa sarili. Uuwi na ako. Mamaya na lang ako iigib uli. Nakatingin sa araw, humakbang siya upang kunin ang pingga ngunit sa paghakbang na iyon, bigla siyang pinatid ni Ogor.

“Ano pa ba ang ibinubulong mo?”

Hindi na niya narinig iyon. Nabuwal siya. Tumama ang kanan niyang pisngi sa labi ng nabitawang balde. Napasigaw siya. Malakas. Napaluhod siya sa madulas na semento. Kagyat na bumaha ang nakaliliyong dilim sa kaniyang utak. Habang nakaluhod, dalawang kamay niyang tinutop ang pisngi. Takot, nanginginig ang kaniyang mga daliri. Dahan-dahan niyang iniangat iyon. Basa...Mapula...Dugo!

Nanghilakbot siya. Sa loob ng isang saglit, hindi niya maulit na salatin ang biyak na pisngi. Mangiyak-ngiyak siya.

“O-ogor...O-ogor...” Nakatingala siya kay Ogor, mahigpit na kinukuyom ang mga palad. Kumikinig ang kaniyang ulo at nangangalit ang kaniyang ngipin. “Ogor!” sa wakas ay naisigaw niya.

Hindi minabuti ni Ogor ang kaniyang pagsigaw. Sinipa siya nito. Gumulong siya.

Buwal ang lahat ng baldeng nalalabi sa pila. Nagkalugkugan. Nakarinig siya ng tawanan. At samantalang nakadapa, unti-unting nabuo sa walang malamang sulingan niyang mga mata ang mga paang alikabukin. Paparami iyon at pumapaligid sa kaniya.

Bigla siyang bumaligtad. Nakita niya ang naghuhumindig na anyo ni Ogor. Nakaakma ang mga bisig.

“O-ogor...”

Tumawa nang malakas si Ogor. Humihingal at nakangangang napapikit siya. Pumuslit ang luha sa sulok ng kaniyang mga mata. Nasa ganito siyang kalagayan nang bigla niyang maramdaman ang isang ubos-lakas na sipa sa kaniyang pigi. Napasigaw iya. Umiiyak siyang gumugulong sa basa at madulas na semento. Namimilipit siya. Tangan ang sinipang pigi, ang buong anyo ng nakaangat niyang mukha’y larawan ng matinding sakit.

Matagal din bago napawi ang paninigas ng kaniyang pigi. Humihingal siya. Malikot ang kaniyang mga mata nang siya’y bumangon at itukod ang mga kamay sa semento.

Si Ogor...Sa mula’t mula pa’y itinuring na siya nitong kaaway...Bakit siya ginaganoon ni Ogor?

Kumikinig ang kaniyang katawan. Sa poot. Sa naglalatang na poot. At nang makita niyang muling aangat ang kanang paa ni Ogor upang sipain siyang muli ay tila nauulol na asong sinunggaban niya iyon at niyakap at kinagat.

Bumagsak ang nawalan ng panimbang na si Ogor. Nagyakap sila. Pagulung-gulong. Hindi siya bumibitiw. Nang siya’y mapaibabaw, sinunud-sunod niya: dagok, dagok, dagok... pahalipaw... papaluka...papatay.

Sa pook na iyon, sa nakarimarim na pook na iyon, aba ang pagtingin sa kanila. Marumi nang babae ang kaniyang ina. Sarisari ang anak. At siya isang maitim, hamak na Negro! Papatayin niya si Ogor. Papatayin. Papatayinnn!

Dagok, dagok, dagok...Nag-uumigting ang kaniyang mga ugat. Tila asong nagpipilit makapaibabaw si Ogor. Tila bakal na kumakapit ang mga kamay. Sa isang iglap siya naman ang napailalim. Dagok, dagok. Nagpipihit siya. Tatagilid. Naiiri. Muling matitihaya. Hindi niya naiilagan ang dagok ni Ogor. Nasisilaw siya sa araw. Napipikit siya. Mangungudngod siya, mahahalik sa lupa. Ngunit wala siyang nararamdamang sakit. Wala siyang nararamdamang sakit!



Nakakatatlo nang asawa si Inay. Si Kano...si Boyet...si Diding...At siya...Negro. Negro. Negro!

Sa mga dagok ni Ogor, tila nasasalinan pa siya ng lakas. Bigla, ubos-lakas at nag-uumiri siyang umigtad. Napailalim si Ogor. Nahantad ang mukha ni Ogor. Dagok, bayo, dagok, bayo, dagok, bayo, dagok...Kahit saan. Sa dibdib. Sa mukha. Dagok, bayo, dagok, bayo, dagok, dagok, dagok...

Mahina na si Ogor. Lupaypay na. Nalalaglag na ang nagsasanggang kamay. Humihingal na rin siya, humahagok. Ngunit nagliliyab pa rin ang poot sa kaniyang mga mata. Dagok. Papaluka. Dagok, bayo, dagok, bayo, dagok...

Gumagalaw-galaw ang sabog na labi ni Ogor.

“Impen...”

Muli niyang itinaas ang kamay.

“I-Impen...” Halos hindi niya narinig ang halingling ni Ogor. “I-Impen...s-suko n-na...a-ako...s-suko...n-na...a-ako!”

Naibaba niya ang nakataas na kamay. Napasuko niya si Ogor! Napatingala siya. Abut-abot ang pahingal. Makaraan ang ilang sandali, dahan-dahan at nanlalambot siyang tumindig, nakatuon ang mga mata kay Ogor. Wasak ang kaniyang kamiseta at duguan ang kaniyang likod. May basa ng dugo’t lupa ang kaniyang nguso.

Maraming sandaling walang nangahas magsalita. Walang makakibo sa mga agwador. Hindi makapaniwala ang lahat. Lahat ay nakatingin sa kaniya.

Isa-isa niyang tiningnan ang mga nakapaligid sa kaniya. Walang pagtutol sa mga mata ng mga ito. Ang nababakas niya’y paghanga. Ang nakita niya’y pangimingi.

Pinangingimian siya!


May luha siya sa mata ngunit may galak siyang nadama. Luwalhati. Hinagud-hagod niya ang mga kamao. Nadama niya ang bagong tuklas na lakas niyon. Ang tibay. Ang tatag. Ang kapangyarihan. Muli niyang tiningnan ang nakabulagatang si Ogor. Pagkaraa’y nakapikit at buka ang labing nag-angat siya ng mukha.

Sa matinding sikat ng araw, tila sya ang mandirigmang sugatan, ngunit matatag na nakatindig sa pinagwagihang larangan.

## Story Mountain


Punan ang story mountain ng mahalagang pangyayari sa loob ng akda.

B  
A  
I  
T  
A  
N  
G  
  
7  
★  
U  
N  
A  
N  
G  
  
M  
A  
R  
K  
A  
H  
A  
N



**Paghahambing (Venn Diagram)**

Paghambingin si Ogor at Impen. Ilagay sa nagtatagpong espasyo ang pagkakatulad nila.



## Talasalitaan

Bilugan ang titik ng kahulugan ng mga salitang nakasalungguhit.  
Gawing gabay ang pagkakagamit nito sa pangungusap.

1. Mabilis na dumadausdos ang malambot na lupa mula sa bundok.
  - A. bumababa
  - B. dumarami
  - C. rumaragasa
2. Nagsisilbing suklob ang mga ulap kapag matindi ang sikat ng araw.
  - A. sagabal
  - B. silong
  - C. palamuti
3. Magaling na humilis o kumalanting ng iba't ibang instrumento ang kaibigan ko.
  - A. gumawa
  - B. tumugtog
  - C. mangolekta
4. Sa Mindoro, pinapatunog ang agung tuwing may pagdiriwang.
  - A. plawta
  - B. gitara
  - C. gong
5. Makukulay ang manik sa mga kuwintas ng ilang pangkat etniko sa Filipinas.
  - A. butil
  - B. tali
  - C. disenyo

6. Maganda ang tunog ng hihip kung maayos ang pagkakatugtog nito.
- A. plawtang kawayan
  - B. gitarang bao
  - C. tansong gong
7. Mag-ingat sa gubat at baka makasabat kayo ng mababangis na hayop.
- A. makahuli
  - B. makain
  - C. makasalubong
8. Naririnig ang anas ng banayad na hangin sa paggalaw ng mga dahon.
- A. mahinang ingay
  - B. dabog
  - C. batingting
9. Para hindi mahulog, maingat na maglakad sa dalisdis ng bundok.
- A. gilid
  - B. tuktok
  - C. paanan
10. Ang malapad na dahon ng gábi ay nakayungyong sa mga maliliit na halaman.
- A. nagbibigay ng lilim
  - B. nang-aagaw ng liwanag
  - C. nagtatago

**ANG AMBAHAN NI AMBO**

Ed Maranan

B  
A  
I  
T  
A  
N  
G  
  
7  
★  
U  
N  
A  
N  
G  
  
M  
A  
R  
K  
A  
H  
A  
N

Balisang nagising si Jack, malakas ang kabog ng dibdib. Uminom siya ng isang basong tubig. Kay samang panaginip! Nagkaroon ng malaking sunog sa bundok ng Halcon, umabot sa pinakatuktok. Natupok lahat ang mga puno at damo. Paghupa ng apoy ay siya namang pagdilim ng mga ulap, na sinundan ng ilang araw na bagyo at bugso ng ulan. Nalusaw ang lupa at bato sa bundok ng Halcon, at unti-unti itong dumausdos patungong kapatagan, tangay ang lahat ng naiwang buhay na mga tao at iba pang nilalang. Nagtatangisan ang mga Mangyan sa pagkagunaw ng kanilang daigdig – habang siya ay walang puknat ang takbo. Hindi niya malaman kung nasaan na ang kaniyang Ate Anne at mga magulang...

Umaga na pala. Pagbangon ni Jack ay dumungaw siya agad sa bintana. May tilamsik ng liwanag sa ituktok ng Halcon. Ang bundok ay parang isang tahimik na tanod, luntian at matayog. Bihira niyang makita itong walang suklob na ulap, tulad ngayon.

“Balang araw, Jack,” sabi sa kaniya ni Ambo noong nakaraang araw, “aakyat natin iyan, hanggang doon sa ituktok, hanggang doon sa mga ulap!”

Lumukso ang kaniyang puso sa sinabing iyon ni Ambo.

“Hoy, di maaaring di ako kasama!” sabad ni Anne, ang matandang kapatid ni Jack.

“Tayong lahat, aakyat natin ang mga ulap sa Halcon!” wika ni Ambo.

Si Ambo ay isang batang Mangyan. Siya ang matalik na kaibigan ng dalawang taga-Maynilang si Jack at si Anne.

Ngayong umagang ito, parang mabigat ang dibdib ni Jack. Hindi mapawi sa isipan ang kaniyang napanaginipan.

“Naku, daddy, mommy, para pong totoong-totoo! Para nga akong humihingal pa sa pagod paggising ko....,” bulalas ni Jack nang sila’y nag-aagahan na.

“Para namang disaster movie ang panaginip mo!” tudyong ni Anne. “Yan kasi, palibhasa’y walang mapagpuyatang video dito sa Mindoro, midnight snack naman ang napagtripan, naimpatso tuloy, at muntik nang bangungutin!”

“Dati-rati, panay namang masasaya ang mga panaginip ko,” sabi ni Jack.

Napatingin siya kay Pete, ang kaniyang ama. Tahimik itong kumakain, tila nag-iisip nang malalim.

Iniiisip ni Pete ang nangyari kahapon. Silang apat ay dumalo sa pagbibinyag ng isang batang Mangyan. Ang pagbibinyag ay ginawa ng isang dayuhang misyonerong Kristiyano, na ilang taon nang nakikipamuhay sa mga katutubo ng bundok, at sa pag-uugali, pananamit at pananalita’y aakalain mong isa na ring Mangyan.

Maraming Mangyan ang dumalo sa binyag, ngunit hindi sila lubos na masaya, kahit pa man umaapaw ang hapag na kawayan sa dami ng pagkaing-gubat na pinag-ambag-ambagan ng maraming kamag-anak at kakilala. Ilan sa kanila ang naglakas-loob na magsalaysay ng kanilang mga karanasan nitong nakaraang mga araw.

Isang matandang Mangyan ang huling nagsalita.

“Saan pa po kami pupunta? Itinataboy kami ng mga nagmimina at nagtotroso mula sa aming tinitirhan. Itinataboy kami ng mga nang-aagaw ng lupa mula sa burol. Kami pong mga katutubo ay ipit na ipit na, paatras kami nang paatras paakyat sa bundok, at nalalayo kami sa aming pinagkukunan ng ikabubuhay. Para nang bulkang sasabog ang aming mga dibdib sa sama ng loob!”

Nasaksihan nina Pete at Tet at ng dalawa nilang anak ang paghihimagsik ng look at ang pagtulo ng luha ng mga Manyan. Nang umiyak si Ambo ay nangilid din ang luha ng magkapatid.

Si Jack at si Anne, na kapuwa tubong-Amerika ngunit laking-Maynila at nakapaglakbay na sa ibayong dagat, ay dinala sa Mindoro ng kanilang mga magulang upang magkaroon ng “kakaibang karanasan” at “katutubong kaalaman”.

Si Pete ay isang doktor. Si Tet ay isang guro, manunulat at mananaliksik. Ilang taon din silang naglagi at nagpakadalubhasa sa Amerika, bago naisipang umuwi sa Pilipinas upang doon palakihin ang dalawa nilang anak. Nanaig sa kanila ang hangaring makatulong sa anumang paraan para sa kanilang mga kababayan, matapos silang dumalo sa isang “solidarity congress” na idinaos sa San Francisco, California, noong panahon ng Batas Militar, ilang taon na ang nakararaan.

Isang delegasyon ng mga aktibista at mga pinuno ng katutubong Pilipino ang nagbigay ng iba’t ibang uri ng pagtatanghal – mga dula at tula, mga sayaw, mga video ng mga pangyayari sa Pilipinas sa ilalim ng diktadura, lalo na ang kalunos-lunos na kalagayan ng mga katutubong Pilipino. Ang karaniwang tawag sa kanila ay “mga minorya”, o “mga taong-bundok”, o kaya’y “mga pagano”.

Naantig ang damdamin ng mag-asawa, at sila’y nagtanong kung paano makatutulong ang mga Pilipino sa ibayong dagat upang mapabuti ang kalagayan ng mga katutubo sa Pilipinas.

“Maaari kayong magpadala ng mga pangkat na magsasagawa ng imbestigasyon sa aming tunay na kalagayan,” wika ng isang kinatawan ng mga Lumad sa Mindanao.

“Maaari kayong sumulat at magsiwalat ng kasamaang dulot ng mga proyektong nakasisira sa kalikasan, at sumasakop sa aming lupaing ninuno,” wika naman ng isang pinuno ng tribung taga-Kordilyera.

“Maaari rin kayong magpadala ng mga manggagamot at mga guro sa aming pook upang bigyan ng lunas ang aming mga karamdaman, at turuan kaming bumasa at sumulat, upang maipaglaban namin ang aming mga karapatan,” payo naman ng isang tagapagsalita ng mga Mangyan.

Ilang buwan pagkatapos nilang dumalo sa kongresong iyon, pabalik na sa Pilipinas ang mag-asawang Pete at Tet, kasama ang kanilang dalawang anak. Sa Maynila na nila papag-aaralin sina Anne at Jack, habang sila’y lalahok sa mga proyektong may kinalaman sa pagtulong sa mga katutubong Pilipino.

Maraming nagtaka kung bakit nagpasiyang umuwi ang mag-asawa, samantalang maaliwalas ang kanilang kinabukasan sa Amerika. At lalo silang nagtaka kung bakit madalas na dumalaw sina Pete at si Tet sa mga katutubo, na nasa malalayong bulubundukin ng Luzon, Kabisayaan at Mindanao.

Sari-saring palagay at payo ang narinig ng mag-asawa mula sa mga kamag-anak – kabilang na ang kanilang mga magulang – mga kaibigan, at mga dating kamag-aral.

“Bumalik na lang kayo sa Isteys, alang-alang sa mga anak n’yo! Tatal, sa Amerika kayo nag-aral at nagkaanak, kaya sanay na kayo sa buhay-isteysayd!”

“Naku, kailangan daw ngayon ang mga doktor at titser sa US, Saudi at Canada! Aplay na kayo! Sabay-sabay na tayong umalis! Wala na yatang pag-asa itong bayan natin!”

“Ano? Medical mission na naman sa mga tribu? Mapagkamalan ka pang isang rebelde, kasi gusto mong tumulong sa mahihirap! Tingnan mo ang nangyari kay Dr. Bobby de la Paz, at Dr. Johnny Escandor!”



Alam ni Pete kung sino ang tinutukoy nila. Mga bayaning doktor na nangasawi habang nanggagamot sa mahihirap sa kanayunan. Pinagbintangan silang mga kasapi ng kilusang rebelde.

“Ano’ng mapapala n’yo sa bundok? Malarya. At ano’ng ibabayad sa iyong paggagamot? Manok, gulay, o kaya’y Diyos-na-lang-po-ang-bahalang-gumanti-sa-inyo! Kelan mo pa mababawi ang daan-libong ginastos mo sa pag-aaral ng medisina?”

“Ha? Ipinagpalit mo ang pagiging propesor sa UP sa pagtuturo sa mga taong nasa bundok, at wala ka pang suweldo?”

Ngunit nangingiti na lamang ang mag-asawa. Malalim ang pagnanais nilang dumamay sa mga kababayan at kalahi nilang wika nga’y tinalikdan na ng panahon at pinabayaan na ng pamahalaan. Sa kaunting panahong nakipamuhay sila sa mga katutubong ito, nagkaroon ng bagong kahulugan ang kanilang buhay bilang manggagamot at guro.

Matuling lumipas ang panahon, at nang malaki-laki na sina Anne at Jack, isinasama na sila ng kanilang mga magulang, tuwing bakasyon, sa kanilang medical mission at educational outreach sa iba’t ibang tribu sa Pilipinas. At ngayon ngang taong ito, naisipan ng mag-asawa na bumalik sa Mindoro upang muling dalawin ang kanilang mga kaibigang Mangyan.

Dalawang buwan silang maninirahan sa bayan ng Pinagkamalayan, sa Silangang Mindoro. Ang bayang ito ay nasa mga burol sa paanan ng kabundukang kinaroonan ng matayog na Halcon. Hindi makita halos ang ituktok nito, na tinawag ng mga Mangyan na ‘lagpas-ulan’.

Masigla ang magkapatid habang umaakyat sa kabundukan ang kanilang sasakyan. Ilang kilometro sa Pinagkamalayan, pataas na ang lupa. Dito nagsisimula ang gubat na laging maulap at maulan. Nasa ilang at liblib na pook na iyon ang Bagong Nayon, na siyang kinaroroonan ng mga Mangyang matagal nang kakilala ng kanilang mga magulang.

Dito rin nila unang nakilala si Ambo. Halos magkasinggulang si Ambo at si Jack. Payat at may kaliitan si Ambo, samantalang si Jack ay mabulas na bata.

“Bakit hindi ka na nag-aaral?” naitanong minsan ni Jack kay Ambo. Si Jack ay nasa ikaanim na baytang ng elementarya sa Maynila.

“Greyd Tu na ako nang kami’y pinalayas sa aming nayon. Malapit kami noon sa iskul. Dito, kailangan pang maglakad nang napakalayo... kaya tumigil na lang ako... pati ‘yung ibang mga bata, nahinto na rin...”

Malungkot si Ambo tuwing magkukuwento siya.

“Isang araw, may dumating na mga tao, galing sa Maynila. May dala silang... ano ba ‘yun?... papeles yata ang tawag. Magmimina raw sila ng karbon, o kaya’y ginto, sa aming lugar. Sila na nga ang nagpapaalis, sila pa ang galit...”

Marami rin namang tanong si Ambo sa magkapatid.

“Nagtataka ‘yung ibang Mangyan dito. Bakit daw ‘Merkanoyata ang mga pangalan n’yo, pati na ang mga magulang n’yo?”

Natawa ang magkapatid.

“Kasi,” paliwanag ni Jack, “sa Amerika kami pareho ipinanganak. Doon nagtapos ng pag-aaral ang mommy at ang daddy...”

“Ang totoo,” wika naman ni Anne, “si Jack ay Santiago at ako’y Anna Maria. Ito ang mga pangalang pinili ng aming lolo’t lola, na may lahi raw Kastila!”

“At ang buong pangalan ng aming mga magulang ay Pedrito at Teresita,” paliwanag ni Anne.

Di malaman ni Ambo kung siya’y mapapatango o mapapailing. Lalo lamang siyang nalito sa paliwanag ng magkapatid.

Ilang linggong nanirahan ang mag-anak sa Bagong Nayon. Masayang-masaya si Jack at si Anne. Marami na silang natututuhan dito, na hindi itinuturo sa paaralan! Ang kabataan ay mahusay humilis ng katutubong biyolin, at kumalanting ng gitara. Tumututugtog din sila ng agung kasabay ng matatanda.

Bihasa rin silang humabi ng damit at maglala ng basket. Nakabubuo rin sila ng mga kuwintas mula sa mga butil at manik, at ng mga pulseras, sinturon at iba pang kagamitan mula sa halamang ang tawag ay nito. Marami rin sa kabataan ang sanay magpatunog ng hihip na kawayan, at gumamit ng sibat sa pangangaso. Si Ambo nga raw ay nakapag-uwi na ng isang maliit na baboy-damo!

At itong si Ambo, gayong napakabata, ay may pambihirang galing sa ambahan.

Ito’y isang uri ng tula na binibigkas ng mga Mangyan. May iisang tugma o rima, at bawat linya o taludtod ay pito ang pantig. O kaya’y itinititik ito sa buho ng kawayan sa pamamagitan ng pag-ukit, at gumagamit ng sinaunang alpabetong Mangyan.

“Ang gagaling pala nilang tumula, mommy!” sambit ni Jack sa kaniyang ina.

“Mayaman ang katutubong kultura, anak, at malungkot isiping baka ito’y tuluyan nang mawala dahil sa pagpasok ng mga dayuhang nais lamang pagkakitaan ang yaman ng lupa...”

Nag-alay si Ambo ng ambahan sa magkapatid. Si Tet ang nagsalin para sa kanila:

*Kaibigang dumayo  
sa malayo kong kubo  
masanay kaya kayo  
sa hirap ng buhay ko  
walang aliwan dito*

*kundi awit ng tao  
kundi ang pangangaso  
kundi kislap sa damo  
pagkalipas ng bagyo.*

Isang araw, isinama ni Ambo si Jack at si Anne sa loob ng gubat. Dala nito ang kaniyang sibat, sakali’t makasabat sila ng baboy-damo sa kanilang paglalakad.

Tahimik na tahimik ang gubat, maliban sa huni ng ibon, kaluskos ng dahon, at anas ng banayad na hangin.

Payat man ay malakas at maliksi si Ambo. Si Jack at si Anne pa nga ang patigil-tigil, habol ang paghinga. Natatawa lamang si Ambo, at matiyaga niyang inantay ang mga kaibigan.

Wala silang imikan halos. Ilang oras na silang naglalakad sa gubat. Wala pang natutudla ang sibat ni Ambo. Ngunit siyang-siya naman ang magkapatid sa namamalas nilang tanawin. Anong yamang pala ng gubat sa luntiang halaman, mga ligaw na bulaklak na matinkad ang kulay, maiilap na hayop, at mga ibong umaawit!

Nakarating sila sa isang mabatong gulod. Mula rito’y tanaw nila ang malayong dagat. Maya-maya’y nagdilim ang langit. Gumuhit ang matalim na kidlat. Nayanig ang bundok sa lakas ng kulog. Bumuhos ang ulan.

Sumilong ang tatlo sa isang yungib. Doon na sila inabot ng ginaw at gutom. Di naglaon ay humupa ang unos sa bundok.

“Bumalik na tayo,” sabi ni Ambo. “Mukhang sasama pa ang panahon.”

Maingat silang bumaba sa nagputik na dalisdis ng bundok. Nang bigla, nakarinig sila ng ingay, parang hinahawing mga dawag. Papalapit sa kanila ang ingay na iyon.

“Kubli!” anas ni Ambo.

Nagtago sila sa ilalim ng isang nakayungyong, mayabong na pako, sa likod ng matatayog na puno. Nag-antay sila. Inihanda ni Ambo ang kaniyang sibat.

“Baka baboy-damo na!” usal ni Jack, na bagama’t nananabik ay nanginginig naman at kinakabahan.

Sa halip, ang lumitaw ay isang pangkat ng mga lalaki at babae. May dalang baril ang mga ito, at may pasang mga knapsack sa likod. Masaya silang nag-uusap, bagama’t mukhang hapo. Ang iba sa kanila ay Mangyan.

“Kilala ko sila,” bulong ni Ambo sa magkapatid.

Hindi sila nagpakita. Malakas pa rin ang kabog ng dibdib ni Jack at ni Anne nang sila’y muling lumakad.

Pagkaraan ng mga isang oras ng maingat na pagbaba sa kabundukan, sumigaw muli si Ambo.

“Kubli!”

Nagsumiksik sa ilalim ng isang punong ibinuwal ng bagyo. Sa pagitan ng mga nag-usling ugat, makikita nila kung anuman iyon na lumilikha ng mga nag-usling ugat, makikita nila kung anuman iyon na lumilikha ng bagong ingay. Papalakas ang mga yabag at mga tinig. Lumitaw mula sa makapal na dawag at kakahuyan ang isang pangkat ng kalalakihan.

Nakasuot sila ng unipormeng batik-batik at kulay-berde, nakagora ng itim, at sandatahan. Nakapulupot sa kanilang katawan ang tila ahas na lalagyan ng kanilang mga bala. Mabalasik ang kanilang anyo, palinga-lingang anaki’y may hinahanap o tinutugis na kaaway o tulisan.

Parang pinitpit na luya ang tatlong bata. Wala silang katinag-tinag. At wala silang imikan nang magpatuloy sila sa pagbaba ng bundok.

Lumakas uli ang ulan. Sala-salabat ang kidlat. Dumagundong ang kulog. Sa pagitan ng malalakas na kulog ay parang may narinig silang sunod-sunod na maliliit na kulog sa di-kalayuan. Mga putok ng sandata.

Matuling lumipas ang dalawang buwan, at natapos ang bakasyon ng magkapatid.

Malungkot silang nagpaalam sa mga taga-Bagong Nayon, lalo na kay Ambo.

Babalik kami sa isang taon, pangako ‘yan!” sabi ni Anne.

“Aakyat uli tayo sa bundok!” nakatawang sabi ni Jack.

“Kung... narito pa kami...,” mahinang tugon ni Ambo.

Nagkaroon ng simpleng seremonya ang Bagong Nayon bilang pasasalamat kina Pete at Tet sa kanilang pagtulong. Maraming nagamot si Pete. Marami rin siyang natutuhan tungkol sa mga likas na panlunas na matatagpuan sa kagubatan. Marami namang naturuan si Tet sa pagsulat at pagbasa. Marami rin siyang natutuhang mga ambahan, awit at mga alamat mula sa mga kaibigang Mangyan.

“Dapat din kaming magpasalamat sa inyo,” tugon ng mag-asawa sa kanilang pamamaalam. “Marami kaming natutuhan sa inyong lahat, at maging ang dalawa naming anak ay namulat sa napakaraming kaalaman ng mga katutubo!”

Bago sila umalis, bumigkas uli si Ambo ng isang ambahan para sa kanila:

*Paalam, kaibigan  
salamat sa pagdalaw  
sana’y di malimutan  
malayong kabundukan  
ay laging naghihintay  
nananabik ang buhay  
sa ating katuwaan  
hindi ito paalam  
masayang paglalakbay!*

## Talasalitaan

Bilugan ang titik ng kahulugan ng mga salitang nakasalungguhit.  
Gawing gabay ang pagkakagamit nito sa pangungusap.

1. Mabilis na dumadausdos ang malambot na lupa mula sa bundok.
  - A. bumababa
  - B. dumarami
  - C. rumaragasa
2. Nagsisilbing suklob ang mga ulap kapag matindi ang sikat ng araw.
  - A. sagabal
  - B. silong
  - C. palamuti
3. Magaling na humilis o kumalanting ng iba't ibang instrumento ang kaibigan ko.
  - A. gumawa
  - B. tumugtog
  - C. mangolekta
4. Sa Mindoro, pinapatunog ang agung tuwing may pagdiriwang.
  - A. plawta
  - B. gitara
  - C. gong
5. Makukulay ang manik sa mga kuwintas ng ilang pangkat etniko sa Filipinas.
  - A. butil
  - B. tali
  - C. disenyo

6. Maganda ang tunog ng hihip kung maayos ang pagkakatugtog nito.

- A. plawtang kawayan
- B. gitarang bao
- C. tansong gong

7. Mag-ingat sa gubat at baka makasabat kayo ng mababangis na hayop.

- A. makahuli
- B. makain
- C. makasalubong

8. Naririnig ang anas ng banayad na hangin sa paggalaw ng mga dahon.

- A. mahinang ingay
- B. dabog
- C. batingting

9. Para hindi mahulog, maingat na maglakad sa dalisdis ng bundok.

- A. gilid
- B. tuktok
- C. paanan

10. Ang malapad na dahon ng gábi ay nakayungyong sa mga maliliit na halaman.

- A. nagbibigay ng lilim
- B. nang-aagaw ng liwanag
- C. nagtatago

## Pagpapayaman

Sagutin ang sumusunod na tanong batay sa akdang binasa.

1. Ano sa tingin mo ang ibig-sabihin ng panaginip ni Jack?

---

---

---

2. Ano ang pamumuhay ni Ambo at ng mga Mangyan?

---

---

---

3. Ano-ano ang pagkakahalintulad at pagkakaiba nina Ambo, Jack at Anne?

---

---

---

4. Bakit napadpad sa Mindoro ang pamilya nina Jack at Anne?

---

---

---

5. Paano nagkakilala sina Jack, Anne at Ambo?

---

---

---

6. Ano-ano ang mga problemang kinakaharap ng mga Mangyan?

---

---

---



**Pagbuo ng Timeline**

Punan ang timeline ng mahahalagang pangyayari batay sa akda.

SIMULA



GITNA


WAKAS



## Tauhang Papel

Gupitin ang mga nakaguhit na larawan sa papel.

Lagyan ng disenyo ang mga ito ayon sa pagkakaunawa sa pisikal na katangian ng mga tauhan.



**Ambahan**

Gumawa ng ambahan tungkol kay Jack, Anne, Ambo, Pete o Tet.  
Tiyaking may isahang tugma at pituhang pantig ang iyong ambahan.  
Tingnan bilang gabay ang dalawang halimbawa sa ibaba batay sa akda.  
Kung maaari lagyan ng disenyo ng katutubong Mangyan.

1

*Kaibigang dumayo  
sa malayo kong kubo  
masanay kaya kayo  
sa hirap ng buhay ko  
walang aliwan dito  
kundi awit ng tao  
kundi ang pangangaso  
kundi kislap sa damo  
pagkalipas ng bagyo.*

2

*Paalam, kaibigan  
salamat sa pagdalaw  
sana'y di malimutan  
malayong kabundukan  
ay laging naghihintay  
nananabik ang buhay  
sa ating katuwaan  
hindi ito paalam  
masayang paglalakbay!*

**NEMO, ANG BATANG PAPEL**

Rene O. Villanueva

1 Si Nemo ay isang batang yari sa ginupit na diyaryo. Pinunit-punit, ginupit-gupit saka pinagdikit-dikit, si Nemo ay ginawa ng mga bata para sa isang proyekto nila sa klase. Ngayo'y bakasyon na. Si Nemo'y naiwang kasama ng ibang papel sa silid. Nakatambak siya sa bunton ng mga maalikabok na polder at enbelop.

2 Isang araw, isang mapaglarong hangin ang nanunuksong umihip sa silid. Inilipad niya sa labas si Nemo.

3 Nagpalutang-lutang sa hangin si Nemo. Naroong tumaas siya; naroong bumaba. Muntik na siyang sumabit sa mga sanga ng ratiles. Nang mapadpad siya sa tabi ng daan, muntik na siyang mahagip ng humahagibis na sasakyan. Inangilan siya ng dyip. Binulyawan ng kotse. At sininghalan ng bus.

4 Mabuti na lamang at napakagaan ni Nemo. Nagpatawing-tawing siya sa hangin bago tuluyang lumapag sa gitna ng panot na damo sa palaruan. Nakahinga nang maluwa si Nemo. Ngunit nagulantang siya sa dami ng nagtatakbuhanang paa na muntik nang makayapak sa kaniya. Naghabulan ang mga bata at kay sasaya nila!

5 Araw-araw, tuwing hapon, pinanonood ni Nemo ang mga naglalarong bata. Inggit na inggit siya sa kanila. Tuwing makikita niya ang mga bata sa palaruan, gustong-gusto rin niyang maging isang tunay na bata.

6 "Gusto kong tumawa tulad ng totoong bata! Gusto kong tumakbo tulad ng totoong bata! Gusto kong maghagis ng bola tulad ng totoong bata!"

7 Sabi nila, kapag may hiniling ka raw na gusto mong matupad, kailangang sabihin mo ito sa pinakamalayong bituin sa langit.

8 Kaya isang gabi, matiyagang nagbantay sa langit si Nemo. Hinintay niya ang paglabas ng pinakamalayong bituin. At nang makita niya ito, sinabi niya ang kaniyang hiling.

9 "Bituin, bituin, tuparin ngayon din  
Ako'y gawing isang batang masayahin!"

10 Pumikit nang mariin na mariin si Nemo. Naramdaman niyang parang umiikot ang paligid at nagkakagulo ang mga busina ng sasakyan.

11 Totoong bata na si Nemo! Pagdilal niya'y kasama na niya ang kaniyang totoong

Tatay na walang trabaho, at totoong Nanay na payat na payat, at walong totoong kapatid na ang ingay-ingay sa isang masikip, makipot, at tagpi-tagpi pero totoong bahay.

12 “Wag kayong tatamad-tamad,” sigaw ng kaniyang totoong tatay. “Magtrabaho kayo!”

13 Kaya napilitang tumakbo si Nemo palabas ng bahay.

14 Palakad-lakad si Nemo sa kalye. Hindi niya pansin ang mga humahagibis na bus. Hindi niya pansin ang mga humahagibis na dyip. Isip siya nang isip kung paano makakatulong sa kaniyang totoong pamilya.

15 Kahit bata pa, napilitang maghanapbuhay si Nemo. Sa umaga’y nagtinda siya ng sampagita at humahabol-habol sa mga kotse.

16 Pagod na pagod si Nemo araw-araw. Pakiramdam niya, pabilis nang pabilis ang kaniyang pagtanda. Kaya naisipan niyang pumasok sa eskuwela. Sumilip siyang muli sa paaralang pinanggalingan niya.

17 Pero dahil marumi ang kaniyang suot at wala siyang sapatos, inirapan lang si Nemo ng libro.

18 “Hindi ka bagay dito!” sabi ng libro.

19 “Ang baho-baho mo!” Nagalit din sa kaniya ang mesa.

20 “Ang dumi-dumi mo!” sinigawan din siya ng pisara.

21 “Alis diyan!”

22 Kaya napilitang tumakbo si Nemo. Nagtatakbo siya nang nagtatakbo hanggang sa gilid ng dagat. Sinabi ni Nemo ang problema niya sa dagat pero naghikab lang ito. At kahit ang alon na puno ng layak ay nagtakip ng ilong nang maamoy siya.

23 “Wag mo nang dagdagan ang basura dito!” sigaw nito kay Nemo.

24 Malungkot na naglakad-lakad si Nemo. At sa maraming kalye ng marusing na lungsod, sa bawat sulok ay may nakita siyang mga batang-kalye. May nagbebenta ng sampagita. May nagtitinda ng sigarilyo at diyaryo habang maliksing sumasabit-sabit sa

mga sasakyan. May mga kalbo, galisin, at palaboy na yakap-yakap ang supot na plastik na kapag sinisinghot nila ay parang nagguguhit sa kanilang mukha ng mangmang na ngiti. May mga batang butuhan ang binti at malamlam ang mata na akay-akay ng matatatandang puti na parang kislap ng balisong ang kislap ng mata.

25 “Kay dami-dami palang batang kalye,” naisip ni Nemo.

26 Kung gabi, kung halos hindi umihip ang mapanuksong hangin, ang mga batang-kalye ay nagtitipon-tipon sa parke na may monumento ng bayaning may kipkip na libro. Tumatakbo sila. Naglulundagan. Nagbibiruan. Naghahagikgikan. Pero napansin ni Nemo na walang taginting ang kanilang halakhak. Parang pumanaw na ang kislap sa sulok ng kanilang mata.

27 Sumama si Nemo sa iba pang batang lansangan. Nagtipon-tipon sila sa isang bahagi ng parke. At sa dilim ng gabi, nagsimula silang maglaro at magkantahan. Nalaman ni Nemo na marami palang batang tulad niya. Mga batang lansangan, mga batang kailangang maghanapbuhay dahil sa kahirapan.

28 Tinipon ni Nemo ang iba pang batang lansangan. Nang magkuwentuhan sila, nalaman nilang pare-pareho pala ang kanilang gusto: mapagmahal na magulang, maayos na tahanan, masayang paaralan, at sapat na pagkain.

29 Ipinagtapat ni Nemo ang lihim na kaniyang natuklasan. Matutupad ang anumang pangarap kapag hiniling sa pinakamalayong bituin. Sabay-sabay silang tumingala sa pinakamalayong bituin sa langit at hiniling nila ang lahat ng ito.

30 “Bituin, bituin, tuparin ngayon din  
Lahat kami’y gawing batang masayahin.”

31 Sa isang iglap, lahat sila ay naging batang papel. Inilipad sila ng hangin. Kay gaan-gaan ng kanilang pakiramdam. Kay saya-saya nila dahil malayo na sila sa magulong pamilya, malupit na eskuwela, at maingay na kalsada.

32 Nagtaka ang mga taong nakakita sa palutang-lutang na mga batang papel. Marami ang naawa sa kanila. Pero ang hindi nila alam, mas maligaya na ngayon ang mga batang papel, gaya ni Nemo, kaysa mga totoong bata na kailangang makibaka at mabuhay sa malupit na kalsada.

*Mula sa: Ang Gintong Habihan: Mga Kuwentong Premyado ng Palanca. (1998). Maynila: Tahanan Books for Young Readers.*

**MABANGIS NA LUNGSOD**

Efren R. Abueg

Ang gabi ay mabilis na lumatag sa mga gusali, lumagom sa malalaki't maliliit na lansangan, dumantay sa mukha ng mga taong pagal, sa mga taong araw-araw ay may bagong lunas na walang bisa. Ngunit ang gabi ay waring manipis na sutla lamang ng dilim na walang lawak mula sa lupa hanggang sa mga unang palapag ng mga gusali. Ang gabi sa kalupaan ay ukol lamang sa dilim sa kalangitan sapagkat ang gabi sa kalupaan ay hinahamig lamang ng mabangis na liwanag ng mga ilaw-dagitab.

Ang gabi ay hindi napapansin ng lalabindalawahing taong gulang na si Adong. Ang gabi ay tulad lamang ng pagiging Quiapo ng pook na iyon. Kay Adong, ang gabi'y naroroon, hindi dahil sa may layunin sa pagiging naroroon, kundi dahil sa naroroon katulad ng Quiapo. Sa walang muwang na isipan ni Adong, walang kabuluhan sa kaniya kung naroon man o wala ang gabi- at ang Quiapo.

Ngunit isang bagay ang may kabuluhan kay Adong sa Quiapo. Alisin na ang nagtatayugang gusali roon, alisin na ang bagong lagusan sa ilalim ng lupa, alisin na ang mga tindahang hanggang sa mga huling oras ng gabi'y mailaw at mabawasan ang mga taong pumapasok at lumalabas doon, dahil sa isang bagay na hinahanap sa isang marikit na altar. Sapagkat ang simbahan ay buhay ni Adong.

Kung ilang hanay ang mga pulubing naroroon at mga nagtitinda ng tiket ng suwipistek, ng kandila, ng kung anu-anong ugat ng punongkahoy at halaman. At sa mga hanay na iyon ay nakatunghay ang simbahan, naawa, nahahabag. At nakatingala naman ang mga hanay na iyon, kabilang si Adong. Hindi sa simbahan kundi sa mga taong may puso pa upang dumukot sa bulsa at maglapag ng konting barya sa maruruming palad.

Mapapaiyak na si Adong. Ang tingin niya tuloy sa mga ilaw-dagitab ay parang mga piraso ng apoy na ikinakalat sa kalawakan. Kangina pa siyang tanghali sa loob ng marusing na bakuran ng simbahan, nagsawa na ang kaniyang mga bisig sa wala pang tunog ng katuwaan. Bagkus ang naroon ay bahaw na tunog ng babala. Babalang ipinararamdam ng pangangalam ng kaniyang sikmura at sinasapian pa ng takot na waring higad na gumagapang sa kaniyang katawan.

“Mama... Ale, palimos na po.”

Ang maraming mukhang nagdaraan ay malalamig na parang bato, ang imbay ng mga kamay at hiwatig ng pagwawalang-bahala, ang hakbang ay napapahalaga ng pagmamadali ng pag-iwas.

“Palimos na po, ale... hindi pa po ako nanananghali!”

Kung may pumapansin man sa panawagan ni Adong, ang nakikita niya ay irap, pandidiri, pagkasuklam. “Pinaghahanapbuhay ‘yan ng mga magulang para maisugal,” madalas naririnig ni Adong. Nasasaktan siya, sapagkat ang bahagi ng pangungusap na iyon ay untag sa kaniya ni Aling Ebeng, ang matandang pilay na kaniyang katabi sa dakong liwasan ng simbahan.

At halos araw-araw, lagi siyang napapaiyak, hindi lamang niya ipinahahalata kay Aling Ebeng, ni kanino man sa naroroong nagpapalimos. Alam niyang hindi maiiwasan ang paghindi sa kaniya ng limang piso, sa lahat. Walang bawas.

“May reklamo?” ang nakasisindak na tinig ni Bruno. Ang mga mata nito’y nanlilisik kapag nagpatumpik-tumpik siya sa pagbibigay.

At ang mga kamay ni Adong ay manginginig pa habang inilaladay niya sa masakim na palad ni Bruno ang salapi, mga baryang matagal ding kumalansing sa kaniyang bulsa, ngunit kailan man ay hidni nakarating sa kaniyang bituka.

“Maawa na po kayo, Mama.. Ale.. gutom na gutom na ako!”

Ang mga daing ay walang halaga, waring mga patak ng ulan sa malalaking bitak ng lupa. Ang mga tao’y naghihikahos na rin. Ang panahon ay patuloy na ibinuburol ng karukhaan.

Ang kampana ay tumutugtog at sa loob ng simbahan, pagkaraan ng maikling sandali, narinig ni Adong ang pagkilos ng mga taong papalabas, waring nagmamadali na tila ba sa wala pang isang oras na pagkakatigil sa simbahan ay napapaso, nakararamdam ng hapdi, hindi sa katawan, kundi sa kaluluwa. Natuwa si Adong. Pinagbuti niya ang paglalahad ng kaniyang palad at pagtawag sa mga taong papalapit sa mga taong sa kaniyang kinaroroonan.

“Malapit nang dumating si Bruno...” ani Aling Ebeng na walang sino mang pinatutungkulan. Manapa’y para sa lahat na maaring makarinig.

Biglang-bigla, napawi ang katuwaan ni Adong. Nilagom ng kaniyang bituka ang nararamdamang gutom. Ang pangambang sumisigid na kilabot sa kaniyang mga laman at nagpapantindig sa kaniyang mga balahibo ay waring dinaklot at itinapon sa malayo ng isang mahiwagang kamay. Habang nagdaraan sa kaniyang harap ang mga taon malamig, walang awa, walang pakiramdam-nakadarama siya ng kung anong bagay na apoy sa kaniyang kalooban. Aywan niya kung bakit gayon ang nararamdaman niya matapos



mapawi ang kaniyang gutom at pangamba. Kung ilang araw na niyang nadarama iyon, at hanggang sa ngayon ay naroroon pa't waring umuuntag sa kaniya na gumawa ng isang marahas na bagay.

Ilang barya ang nalaglag sa kaniyang palad, hindi inilagay kung inilaglag, sapagkat ang mga palad na nagbibigay ay nandidiring mapadikit sa marurusing na palad na wari bang mga kamay lamang na maninipis ang malinis. Dali-daling inilagay ni Adong ang mga barya sa kaniyang lukbutan. Ilan pang barya ang nalaglag sa kaniyang palad. At sa kaabalahan niya'y hindi na napansing kakaunti na ang mga taong lumalabas mula sa simbahan. Nakita na naman ni Adong ang mga mukhang malamig, ang imbay ng mga kamay na nagpapahiwatig ng pagwawalang bahala, ang mga hakbang ng nagmamadaling pag-iwas.

“Adong... ayun na si Bruno” narinig niyang wika ni Aling Ebeng.

Tinanaw ni Adong ang ininguso sa kaniya ni Aling Ebeng. Si Bruno nga. Ang malapad na katawan, ang namumutok na mga bisig. Ang maliit na ulong pinapangit ng suot na gora. Napadukot si Adong sa kaniyang bulsa. Dinama niya ang mga barya roon. Malamig. At ang lamig na iyon ay waring dugong biglang umagos sa kaniyang mga ugat. Ngunit ang lamig na iyon ay hindi nakasapat upang ang apoy na nararamdaman niya kangina pa ay mamamatay. Mahigpit niyang kinulong sa kaniyang palad ang mga baryang napagpalimusan.

“Diyan na kayo, Aling Ebeng... sabihin ninyo kay Bruno na wala ako!” mabilis niyang sinabi sa matanda.

“Ano? Naloloko ka na ba, Adong? Sasaktan ka ni Bruno. Nakita ka ni Bruno!”

Narinig man ni Adong ang sinabi ng matanda, nagpatuloy pa rin sa paglalakad, sa simula'y marahan, ngunit nang makubli siya sa kabila ng bakod ng simbahan ay pumulas siya ng takbo. Lumusot siya sa pagitan ng mga dyipni na mabagal sa pagtakbo. Sumiksik siya sa kakapalan ng mga taong salu-salubong sa paglalakad. At akala niya'y nawala na siya sa loob ng sinuot niyang mumunting iskinita.

Sumandal siya sa poste ng ilaw-dagitab. Dinama niya ang tigas niyon sa pamamagitan ng kaniyang likod. At sa murang isipang iyon ni Adong ay tumindig ang tagumpay ng isang musmos na paghihimagsik ng paglayo kay Bruno, ng paglayo sa Quiapo, ng paglayo sa gutom, sa malalamig na mukha, sa makatunghay na simbahan, sa kabangisang sa mula't pa'y nakilala niya at kinasusuklaman. Muling dinama niya ang mga barya sa kaniyang bulsa. At iyon ay matagal din niyang ipinakalansing.

“Adong!” Sinundan iyon ng papalapit na mga yabag.

Napahindik si Adong. Ang basag na tinig ay naghatid sa kaniya ng lagim. Ibig niyang tumakbo. Ibig niyang ipagpatuloy ang kaniyang paglayo. Ngunit ang mga kamay ni Bruno ay parang bakal na nakahawak na sa kaniyang bisig, niluluray ang munting lakas na nagkakaroon ng kapangyarihang maghimagsik laban sa gutom, sa pangamba at kabangisan.

“Bitiwan mo ako! Bitiwan mo ako!” Naisigaw na lamang ni Adong.

Ngunit hindi na niya muling narinig ang basag na tinig. Naramdaman na lamang niya ang malupit na palad ni Bruno. Natulig siya. Nahilo. At pagkaraan ng ilang sandali, hindi na niya naramdaman ang kabangisan sa kapayapaang biglang kumandong sa kaniya.

## ANG ALAMAT NI DARAGANG MAGAYON

Katulad ng lahat ng alamat, nangyari ang kuwentong ito noong unang panahon. Naganap ito sa payapang rehiyon ng Ibalong, sa maliit na bayan ng Rawis, na pinamumunuan ng makatarungang datung si Makusog. Ang asawa ng datu na si Dawani ay namatay sa panganganak. Kaya't nanatiling iisa ang anak ni Datu Makusog—isang anak na babaeng walang kapares sa kagandahan at kabaitan, si Daragang Magayon. Hindi tuloy nakapagtataka kung bakit dumadayo ang napakaraming manliligaw mula sa ibang tribu, kabilang na ang nasa malalayong bayan, upang mabihag ang puso ng dalaga. Ngunit wala ni isa sa mga binatang ito ang nakakuha ng pagtingin ng magandang binibini. Wala, kahit ang makisig at mapagmataas na si Pagtuga, ang dakilang mangangaso at datu ng Iraga. Kahit pa pinaulanan ni Pagtuga ng mga handog na ginto, perlas, at iba pang kayamanan ang ama ni Magayon, ay hindi pa rin nito nakuha ang loob ng dalaga.

Isang katangi-tanging binatilyo ang nagpakita si Rawis: si Ulap, ang tahimik ngunit matapang na anak ni Datu Karilaya ng Katagalugan. Naglakad siya nang malayo upang makita ng sarili niyang mga mata ang ipinagbuunying kagandahan ni Daragang Magayon. Ngunit hindi katulad ng ibang manliligaw, nagdahan-dahan si Ulap. Tiniis niya ang magnakaw lamang ng mga sulyap mula sa malayo habang nagtatampisaw si Daragang Magayon sa ilog ng Yawa.

Pagkatapos ng isang maulang gabi, pumunta ulit si Magayon sa Ilog Yawa upang magtampisaw. Nadulas siya sa batuhan at nahulog sa malamig na ilog. Dagli-dagling sumaklolo si Ulap at binuhat ang nangangatog na dilag pabalik sa dalampasigan. Ito ang naging simula ng pag-iibigan ni Daragang Magayon at ni Ulap.

Ilang beses pang nagtagpo si Ulap at si Daragang Magayon. Hanggang sa isang araw, sinundan ni Ulap si Magayon sa pag-uwi. Pagdating sa bahay ni Datu Makusog, buong lakas nang loob na ibinaon ni Ulap ang kaniyang sibat sa hagdan. Ipinapahiwatig nito ang kaniyang kagustuhang pakasalan si Magayon. Walang nagawa si Magayon kundi mamula, magpigil ng tawa, at umiwas ng tingin. Dahil dito, napagtanto ni Datu Makusog na umiibig ang kaniyang nag-iisang anak, kaya't hindi na siya nagpahayag ng kahit anong pagtanggap. Tuwang-tuwa si Magayon at si Ulap. Binalak nilang gawin ang kasalan pagkalipas ng isang buwan upang mabalitaan ni Ulap ang kaniyang mga kababayan, at upang makapaghanda nang husto para sa pagdiriwang.

Mabilis na kumalat ang magandang balita. Nakarating agad ito kay Pagtuga, na namula sa galit.

Nang mangaso si Datu Makusog, dinakip siya ni Pagtuga. Nagpadala si Pagtuga ng mensahe kay Magayon, nagbabantang papatayin ang kaniyang ama at maghahasik ng

digmaan sa kaniyang bayan kung hindi siya pakakasalan.

Sinunod ni Magayon ang kahilingan ni Pagtuga, labag man sa kaniyang kalooban. Agad-agad na inihanda ang kasalan. Nang malaman ni Ulap ang masaklap na pangyayari, nagmadali siya pabalik ng Rawis kasama ang pinakamagiging niyang mandirigma.

Kasisimula pa lamang ng seremonya nang dumating sina Ulap. Sa halip na isang pagdiriwang para sa kasal, isang madugong labanan ang naganap. Napuno ang langit ng mga palaso. Napuno ang hangin ng tunog ng nagkikiskisang bolo. Nagtuos si Ulap at si Pagtuga, isang labanan para sa kamay ng nag-iisang si Magayon.

Nadaig at napaslang ni Ulap si Pagtuga. Masayang sinalubong ni Magayon si Ulap, akmang yayakapin—nang biglang isang ligaw na palaso ang tumama sa likod ng dalaga. At habang sapo-sapo ni Ulap ang nag-aagaw-hininga niyang iniibig, bigla siyang sinibat sa likod ng isang kawal ni Pagtuga. Agad na hinataw ni Datu Makusog ang kawal ng kaniyang minasbad, isang matalim na bolo.

Pagkatapos ng mabilis na pangyayaring iyon, tumahimik ang lahat ng mandirigma. Tumigil ang digmaan. Sa halip na marinig ang kasiyahan ng isang pagdiriwang ng kasalan, mga hikbi at hagulgol para sa mga pumanaw ang lumutang sa hangin. Kahit na halos walang makita dahil sa walang-tigil na pagluha si Datu Makusog, naghukay siya nang naghukay. Nang matapos, inilibing niya ang kaniyang nag-iisang anak na si Magayon, at ang nag-iisa nitong pag-ibig na si Ulap, nang magkatabi at magkayakap.

Habang lumilipas ang mga araw, unti-unting tumaas ang lupang pinaglibingan kina Ulap at Magayon. Tumaas ito nang tumaas, at di nagtagal, sinamahan ito ng pagyanig ng lupa at pagtilapon ng nagbabagang mga bato. Naniniwala ang mga matatanda na kapag nangyayari ito, ginagalit ni Pagtuga ang bulkan upang maibalik sa kaniya ang mga kayamanang iniregalo niya kay Magayon—mga regalong inilibing kasama ng dalaga sang-ayon sa mga lumang paniniwala.

May mga araw kung kailan natatakpan ng mga ulap ang tuktok ng bulkan. Sinasabi ng mga matatanda na kapag nangyayari ito, hinahalikan ni Ulap si Magayon. At kung pagkatapos nito ay marahang dumampi ang ulan sa magiliw na libis ng bulkan, naniniwala ang mga matatandang lumuluha si Ulap.

Pagkatapos ng mahabang panahon ay umigsi na ang pangalan ni Magayon at naging Mayong o Mayon. Ngunit hanggang sa kasalukuyan, kahit na maaliwalas ang panahon, isang anino ng masalimuot na kuwento ng isang natatanging dalaga at ng kaniyang iniibig ang bumabalong sa magandang bayan ni Daragang Magayon.

**KAY MARIANG MAKILING**

Edgar Calabia Samar

Nagpaalam noon ang Nanay.

Hindi ipinaalam kung saan siya pupunta.

Anong pook ang maaari niyang puntahan  
upang di na magbalik?

Anong pook ang maaari niya?

Nagkampo kami ni Tatay sa Makiling.

Inalala ang kuwento ng diwang  
naglaho sa panglaw ng sariling panaghoy.

“Hindi na siya babalik,” sabi ni Tatay.

Pag-uwi, tinanaw ko ang bundok,  
at totoo, mas maganda itong tingnan  
sa malayo: hindi matitinag, buo.

**ANG MGA DUWENDE**

Isang Kuwentong-Bayan mula sa Bikol

Malalim na ang gabi at abalang-abala pa sa pananahi ang dalawang magkapatid na babae. Tinatahi nila ang mga kamisa at saya nila, na isusuot nila para sa isang misa kinaumagahan. Ibinilin ng kanilang ina na siguruhing nakasara ang pinto at mga bintana ng kanilang bahay, kundi ay papasok ang duwende, na bumibisita sa kanila tuwing hatinggabi. Upang malaman ng kaniyang mga anak kung ano ang duwende, ikinuwento niya ito:

“Katulad lang ng mga ordinaryong tao ang mga duwende. Tuso silang mga nilalang, ngunit matulungin din. Ilan sa mga kapilyuhang ginagawa nila ay ang pagsira sa mga muwebles at mga larawan, pagbasag sa mga salamin, baso, plato, at tasa. Kung hindi sila makahanap ng mga bagay na sisirain o babasagin, kinukurot nila ang mga pisngi, braso, at katawan ng mga tulog na babae, upang maging mabigat ang pakiramdam nila pagkagising. Kung hindi kinaasaran ng mga duwende ang mga nakatira sa bahay na madalas nilang bisitahin, nagpapakita sila ng kabaitan sa mga ito. Sinasabing dinadalhan nila ang mga kaibigan nila ng mga masasarap na pagkain at ipinagtatanggol sila mula sa mga masasamang nilalang. Maraming tao tuloy ang sabik ngunit balisang makakilala ng duwende. Itinuturing nila ang mga nilalang na nagtataglay ng kakaibang karunungan dahil sinasabing alam na alam nila ang mga lihim at ikinikilos ng mga tao. Ngunit kung sakaling ang mga naging kaibigan ng duwende ay biglang nagsabi ng anumang masama o nagbalak ng masama sa kanila, kahit pa hindi sila marinig ng mga duwende, ay parurusahan sila at hindi na muling babalikan.

“Ang duwendeng binabanggit ko rito ay madalas sa bahay namin habang ang nanay ko, o ang lola ninyo, ay buhay pa. Parati niyang sinasabi sa aming isara ang pinto at mga bintana bago kami matulog. Isang gabi, nang nagtatahi rin kami ng kapatid ko ng kamisa at saya, nakalimutan naming isara ang mga bintana at pinto. Ilang segundo bago maghatinggabi, naroon ang isang maliit na nilalang na nakatayo sa aming pinto. Maliit siya, kasinliit lamang ng isang dalawang taong gulang na bata; pula ang kaniyang mukha; mayroon siyang mahabang bigote at maputing kulot na buhok. Maigsi ang mga braso niyang balingkinitan, ngunit malaki ang mga kamay niya--malaki para sa kaniyang braso.”

Nang marinig ng mga dalaga ang kuwento ng kanilang ina, natakot sila. Nang maghatinggabi, narinig nila ang mga tunog: takla, takla, takla. Gawa ito ng duwende. Takot na takot ang dalawa. Lumingon ang panganay, at nakita niya ang duwende na pumapasok sa pinto. At katulad ng inaasahan, tumakbo at tumalon siya papasok ng bahay, papunta sa mga dalaga. Dahil doon, nasipa niya ang isang gasera, na nagpaliyab sa mga kamisa at saya.

Mula noon, naging maingat na ang magkapatid at ang buong bayan ng Legaspi sa duwende. Isinasara na nila ang kanilang mga pinto at mga bintana bago sila matulog sa gabi.

**TRESE Isyu 5**

Budjette Tan

**Pahina 1.**

CAP: "NAG-SHOOT SILA NGAYON NG HULING EKSENA. MINAMADALI NG MGA PRODUCER PARA SA FILMFEST."

GUERRERO: WELL, DAHIL DITO SA NANGYARI, TIYAK NA HAHATAW ITO SA TAKILYA.

**Pahina 2.**

GUERRERO: AT ITO BA ANG DRESSING ROOM NI MS. EVANGELISTA?

TAPIA: OPO, SER.

GUERRERO: (off panel) CHOCNUT? AKALA KO SINABI NG MANAGER NIYA NA NAGDIDIYETA SIYA NGAYON?

TAPIA: (off panel) OPO, SER.

GUERRERO: (off panel) NAKU.

GUERRERO: TAPIA, PAKI-DOUBLE CHECK NGA SA CREW KUNG MAY NAWAWALANG BATA. MAY TSISMIS NA KUMALAT NA NANGANAK SIYA NOONG PUMUNTA SIYANG STATES NOONG NAKARAANG TAON. AT KUNG WALANG NAWAWALANG BATA, ANG IBIG SABIHIN NITO...

**Pahina 3.**

TAPIA: IBIG SABIHIN PO TATAWAGAN NINYO SI TRESE?

GUERRERO: BUTI NAMAN AT NASASANAY KA NA SA KUNG PAANO TUMATAKBO ANG MGA BAGAY DITO, TAPIA.

GUERRERO: (off panel) SIYEMPRE, TATAWAGAN KO SIYA. AT HANGGANG SA MAKARATING SIYA DITO, SIGURUHIN MONG WALANG MAKAKAPASOK SA LUGAR NA ITO, KAHIT NA ANG SOCO.

GUERRERO: HELLO, ALEXANDRA, PUWEDE KA BANG PUMUNTA DITO SA... A, PASENSIYA NA. BUSY KA BA?

TRESE: CAPT. GUERRERO. TATAWAGAN PA LANG DAPAT KITA. NALAMAN NA NAMIN KUNG SINO'NG HEAD NG KIDNAPPING RING SA ONGPIN.

**Pahina 4.**

TRESE: TATAWAG AKO ULIT. OO... KAYA NA NAMIN ITO NG KAMBAL.

**Pahina 5.**

CAP: "ALEXANDRA, KAPAG TAPOS KA NA DIYAN, MAKIPAGKITA KA SA 'KIN DITO SA ABC-ZNN, SA STUDIO 4."

GUERRERO: NANG MAKITA KO ITO, KINUTUBAN AKONG MAYROON DITONG NAGANAP NA KRIMEN. BAKA MAY NA-KIDNAP NA BATA. O KAYA UNANO. O KAYA...

TRESE: O BAKA KATULAD ITO NUNG KASONG HINAWAKAN NINYO NG TATAY KO NOONG 1977?

GUERRERO: E... OO. ISA 'YUN SA MGA BIHIRANG PAGKAKATAONG MAKITA KO SILA NANG HARAPAN. AKALA KO TALAGA MAS MALIIT ANG MGA DUWENDE. AKALA KO TIPONG KAYA NILANG TUMAYO SA BALIKAT MO.

TRESE: KAKAIBA ANG PULANG PULBOS NA ITO. DAPAT MAGIGING ABO O ALIKABOK SILA KAPAG NAMATAY.

TRESE: WALA DITO ANG BAHAY NG DUWENDE... MAY NAKITA BA DITONG HALAMAN O BULAKLAK NA NASA PASO ANG MGA BATA MO?

### Pahina 6.

CAP: "AYON KAY ETHEL DOMINADOR, ANG P.A. NI EVANGELISTA, PARATING MAY DALANG BONSAI SI HEATHER SA LAHAT NG MGA SHOOTING, RECORDING, AT TV GUESTING NIYA.

CAP: "NAWAWALA RIN ANG BEST ACTRESS AWARD NIYA."

GUERRERO: KAKAUSAPIN KO SI NOVA AURORA. ISA SIYA SA MGA HULING NAKAKITA NANG BUHAY KAY EVANGELISTA. ADIK DIN SIYA SA CHOCNUT. SINOSOLO NIYA ANG BUONG BAG.

GUERRERO: GUSTO MO BANG SUMAMA?

TRESE: SUSUNOD AKO. MAY DADAANAN LANG MUNA AKO.

CAP: MALAPIT SA KANTO NG BALETE AT 13TH STREET

TRESE: TABI-TABI PO. MAGANDANG GABI PO.

NUNO: KUMUSTA, MUNTING TRESE. NAPADALAW KA YATA? GINAGAMBALA KA NA NAMAN BA NG MGA BABAENG NAKAPUTI?

### Pahina 7.

TRESE: HINDI, HINDI. IBA ITO. NAKITA KO ITO SA KUNG SAAN NAMATAY ANG ISANG DUWENDE.

CAP: AHHH. PULANG PULBOS. KULAY DUGO. NAGIGING PULANG PULBOS ANG MGA DUWENDE KAPAG PINASLANG SILA NG ISANG MINAMAHAL O NAGMAMAHAL SA KANILA. NGUNIT BAKIT NILA GAGAWIN IYON KUNG MINAMAHAL NGA NILA ANG ISA'T ISA?

TRESE: NAKITA KO RIN ITO.

CAP: MATAMIS. GUSTO NG MGA DUWENDE NG MATATAMIS. ISA ITONG KABAYARAN, ISANG SUHOL SA DUWENDE UPANG KUMILOS...

NUNO: HINDI KASINTAMIS NG INAASAHAN KO. PUNONG-PUNO NG HINANAKIT. KALUNGKUTAN. HITIK SA KALUNGKUTAN.

NUNO: KAILANGAN KO NANG LUMISAN. BIGLA KONG INAASAM ANG AKING KASAMA.

NUNO: KATULAD NG DATI, MAG-INGAT KA SAAN KA MAN MAPADPAD, MUNTING TRESE.



**Pahina 8.**

CAP: DASMARINAS VILLAGE. MANSIYON NI NOVA AURORA.  
 GUERRERO: (off panel) NAKITA NA LANG NG MGA KATULONG NIYANG GANITO.  
 TRESE: ANONG KINAKANTA NIYA?  
 GUERRERO: THEME SONG NG PELIKULA NIYANG “ANG HULING HIMALA.”  
 GUERRERO: SINABI NG MGA KATULONG NIYA, OKEY? HINDI AKO FAN, ANO.  
 NOVA: WALA NA SIYA. KASALANAN KO.

**Pahina 9.**

CAP: “DOON LANG AKO SA BAKURAN. KAILANGAN KO ANG BONSAI, ISANG PLANGGANANG TUBIG, AT ISANG PUTING KANDILA.”  
 CAP: “ANUMANG MANGYARI, ANUMANG MARINIG MO, ‘WAG KAYONG MANGIALAM. KASAMA NA DIYAN ANG MGA BATA MO.  
 L.LUPA 1: ANO ANG  
 L.LUPA 2: GINAWA MO  
 L.LUPA 3: SA AMING  
 L.LUPA 4: AMO?  
 TRESE: NANDITO AKO PARA IBALIK SIYA.  
 L.LUPA: SINAKTAN MO SIYA! PARUSAHAN SIYA!

**Pahina 10.**

KAMBAL ☺: MUSTA, BOSING? NAAMOY NAMIN ‘YUNG MGA LAMAN-LUPA NUNG SUMULPOT SILA!  
 KAMBAL ☹: SIYEMPRE DI KAMI PAPAYAG NA IKAW LANG ANG MAGSAYA!

**Pahina 11.**

KAMBAL ☺: MAY PLANO KA BA, BOSING?  
 KAMBAL ☹: OO NGA, DI YATA EPEKTIB ANG “OPLAN BARILIN-HANGGANG-MAUBOS”  
 TRESE: ITULOY LANG NINYO.  
 CAP: MABILIS NA NAGKULAY-DUGO ANG TUBIG SA PAGLAGAY NI TRESE NG PULANG PULBOS AT KATITING NA LUPA MULA SA BONSAI.  
 CAP: PAGKATAPOS, HINAYAAN NIYANG PUMATAK ANG KANDILA SA MALADUGONG TUBIG

**Pahina 12.**

CAP: UNTI-UNTING NAGKAHUGIS ANG MGA PULANG PATAK NG KANDILA.  
 CAP: UMAHON ITO MULA SA TUBIG, AT NAG-INAT NA PARA BANG BAGONG GISING.  
 DUWENDE: TUMIGIL KAYO! NANDITO AKO!

**Pahina 13.**

- TRESE: MAGANDANG GABI. IKAW BA ANG NAG-AALAGA KAY NOVA? O KAY HEATHER?
- DUWENDE: PAREHO. PAREHO KO SILANG ALAGA, NA NAPAKATANGA KONG DESISYON.
- CAP: NATAGPUAN KO SI NOVA NOONG TEEN-AGER PA LANG SIYA. PARATI SIYANG SUMASALI SA MGA SINGING CONTEST AT PARATING NATATALO.
- CAP: MAGANDA SIYA. KAYA NAISIP KO SIYANG TULUNGAN.
- CAP: NOONG GABING NAGING CHAMPION SIYA, IPINAKILALA KO ANG SARILI KO AT SINABI KONG AKO ANG TUMULONG SA KANIYANG MANALO. SINABI KONG GUSTO KO SIYANG AYUSAN. GUSTO KO SIYANG GAWING ISANG BITUIN.
- CAP: TINANGGAP NIYA ANG ALOK KO.

**Pahina 14.**

- DUWENDE: GUSTO KO SANANG IKUWENTO SA IYO ANG LAHAT NG AMING TAGUMPAY PERO WALA NA TAYONG ORAS, TAMA?
- TRESE: PAUMANHIN PO, PERO WALA PO.
- CAP: MAKALIPAS ANG DALAWANG ASAWA AT ILANG MGA NOBYO, NAWALA ANG KANIYANG SIDHI SA PAG-ARTE AT PAGKANTA.
- CAP: GUSTO LANG NIYA ANG KASIKATAN AT PERA AT ANG DROGA.
- CAP: KAYA TUMIGIL AKO SA PAGTULONG SA KANIYA. KAHIT NA BIGYAN NIYA AKO NG GABUNDOK NA TSOKOLATE, HINDI AKO KUMILOS.
- CAP: TAPOS DUMATING ANG PROYEKTONG ITO. ITONG PELIKULA TUNGKOL SA BUHAY NIYA. DUMATING SI HEATHER PARA MAKILALA SI NOVA.

**Pahina 15.**

- CAP: PUMUPUNTA SIYA DITO AT PINANONOOD ANG MGA LUMANG PELIKULA NI NOVA, HANGGANG SA MAKABISADO NA NIYA ANG LAHAT NG LINYA AT LAHAT NG KANTA.
- CAP: HABANG MAS NAG-EENSAYO SIYA, MAS LALO SIYANG NAGIGING KATULAD NI NOVA.
- CAP: MAS LALO DING NAHUHULOG ANG PUSO KO SA KANIYA.
- CAP: KAYA NAGPAKITA AKO KAY HEATHER AT SINABI SA KANIYANG AALAGAAN KO SIYA, PALALAGUIN ANG KARERA NIYA, GAGAWIN SIYANG ISANG BITUIN.
- CAP: TINANGGAP NIYA ANG ALOK KO.
- CAP: SINABI KO SA KANIYANG KUHANIN ANG BAHAY KO, NA PARATING NASA TABI NG KAMA NI NOVA.
- CAP: NANG GABING IYON, SINIGURO KONG MAHIMBING ANG TULOG NI

NOVA. NANANAGINIP SIYANG NANALO SIYA NG ISANG GANTIMPALANG HINDI NAMAN NIYA MAKUKUHA.

CAP: KAGABI, PUMUNTA SI NOVA SA SET AT PINAKIUSAPAN AKONG BUMALIK.

CAP: PUWEDE NAMAN AKONG PUMAYAG, NGUNIT GUSTO KO RING TUPARIN ANG KANIYANG HULING HILING. KAYA SINABI KONG HINDI NA AKO BABALIK SA KANIYA.

CAP: ALAM KONG KAPAG SINABI KO IYON, MAGAGALIT SIYA KAY HEATHER. HINDI KO LANG AKALAIN NA MAKUKUHA NIYANG PATAYIN ANG BATA.

CAP: HINDI KO RIN INASAHAN NA PAPATAK ANG ISA SA MGA LUHA NIYA SA TSOKOLATENG IBINIGAY NIYA SA AKIN. NALASAHAN KO AGAD IYON SA UNANG KAGAT.

DUWENDE: NALASAHAN KO ANG GALIT NIYA. ANG KALUNGKUTAN. ANG KAWALAN NG PAG-ASA. AT NAPUNO AKO NITO NANG LUBOS, SAPAT UPANG MAMATAY.

**Pahina 17.**

TRESE: SINABI PO NINYONG TUTUPARIN NINYO ANG HULING HILING NI NOVA. ANONG MAKUKUHA NIYA SA PAG-ATAKE KAY HEATHER?

DUWENDE: PANOORIN MO NA LANG.

DUWENDE: TALAGANG... KAHANGA-HANGA.

CAP: SA MGA SUMUNOD NA ARAW, MULING NAGING STAR OF THE SEASON SI NOVA.

CAP: IBINALITA NG MGA DIYARYO ANG BAWAT NIYANG GALAW, ISINULAT ANG BAWAT SINABI. LUMITAW ANG LARAWAN NIYA SA BAWAT DIYARYO AT TABLOID.

**Pahina 18.**

CAP: SA KORTE, HABANG DINIDINIG ANG KANIYANG KASO, MULI NIYANG NAPALUHA ANG MGA MANONOOD. KAHIT ANG HUWES AY HINDI NAPIGILANG MALUHA.

CAP: SA PAGTATAPOS NG KANIYANG TALUMPATI, HUMINTO SIYA AT HINAYAAN ANG MGA KAMERANG TUMITIG. NAG-FLASH ANG MGA BOMBILYA AT KINUHA NG MGA KAMERA ANG KANIYANG PINAKAMATINDING PAGGANAP.

CAP: GUSTO KO LANG NAMANG LUMIGAYA KAYONG LAHAT. KUNG ISA IYONG KRIMEN...

CAP: I. AM. GUILTY.

CAP: NAPUNO ANG BUONG KUWARTO NG TUNOG NG PALAKPAK.

CAP: SUMIGAW ANG HUWES PARA SA KAAYUSAN.

CAP: TININGNAN NI NOVA ANG BAWAT ISA SA MGA MANONOOD AT NGUMITI.  
CAP: AT UNTI-UNTING NAGING ITIM ANG LAHAT.  
CAP: AYON SA MGA DOKTOR, NA-STROKE DAW SI NOVA.

**Pahina 19.**

CAP: ILANG BUWAN ANG LUMIPAS, SA UNANG ARAW NG FILMFEST...  
BATA: WOW, ANG GANDA-GANDA NIYA!  
BATA: SANA SIKAT DIN AKONG KATULAD NIYA.  
CAP: COMING SOON: ANG SUSUNOD NA BITUING MANINGNING.

**Mga Kakaibang Nilalang sa Filipinas**

**Diwata o Engkanto** – nilalang na nagbabantay sa kalikasan at karaniwang may katawan ng tao. Sinasabing nang-aakit sila ng mga binata at dalaga upang gawin nilang asawa.

**Sirena at Siyokoy** – mga nilalang na may katawan ng tao at buntot ng isda. Nakatira sila sa ilalim ng karagatan at nang-aakit sila ng mga mangingisda.

**Tiyanak o Impakto** – sanggol na hindi nabinyagan at kumakain ng laman ng tao. Nagpanggap silang inabandonang sanggol na umiiyak.

**Aswang** – nilalang na nag-iibang anyo sa gabi at nag-aanyong tao sa umaga. Kumakain sila ng tao at maaaring mag-anyong hayop.

**Manananggal** – nilalang na napuputol ang katawan at nagkakaroon ng pakpak. Mula sa bubong, hinihigop ng kanilang mahabang dila ang mga sanggol ng buntis.

**Kapre** - higanteng nilalang na mahilig manabako at nakatira sa malalaking puno. Mahilig itong maglaro sa mga bata.

**Tikbalang** – kalahating tao at kabayo. Mahilig itong maghanap ng mga dalaga upang gawing asawa.

**Duwende at Nuno sa Punso** – mga maliliit na nilalang na nagbibigay ng suwerte o malas sa tao. Nakatira sa isang nuno o tumbok ng lupa ang nuno sa punso.

**Mambabarang at Mangkukulam** – mga nilalang na karaniwang matatandang babae na nagpapahirap sa isang tao. Ang mambabarang ay nagpapalabas ng mga insekto sa katawan ng isang tao. Ang mangkukulam naman ay sinasaktan o binabago ang anyo ng isang tao.

[Pinagkunan: Philippine Myths and Legends ni Johnny C. Young]

**ALAMAT NG WALING-WALING**

Noong unang panahon sa isang kahariang matatagpuan sa may dagat ng Mindanao, may isang makisig at matapang na sultang nagngangalang Rajah Solaiman. Dahil sa kaniyang galing at tapang sa digmaan siya'y nakilala bilang isang kilabot sa iba't ibang kaharian. Pinaniniwalaang nasa kaniyang pag-aari ang isang mahiwagang sundang, ang Sundang Lenantasyon. Ibinigay ito kay Solaiman ni Bal-Lido, ang diyosa ng digmaan. Ipinagkaloob ito sa kaniya dahil sa mahusay niyang taktika sa pakikipagdigma. Malaki ang pasasalamat sa kaniya ng mga taga-Mindanao dahil sa patuloy na pagtatanggol ng Rajah.

Isa sa mga digmaang kinasangkutan ng Rajah ang digmaan sa Seta Tem-mon. Nagwagi siya sa labanang ito, subalit iyon lamang ay naging posible sa tulong ni Bal-Lido. Sa labanang ito siya niregaluhn ng sundang. Subalit bago pa man ito napasakaniya, dumaan muna siya sa isang pagsubok.

“Kunin mo ang itak,” sabi ni Bal-Lido. Sa pagtingala ni Solaiman nakita niya ang isang lumulutang na itak. “Gamitin mo iyan at putulin mo ang iyong kaliwang braso,” Di nagdalawang-isip si Solaiman, sa utos ng diyosa ay kinuha niya ang espada at iniakmang puputulin ang kaniyang sariling braso. Sa pagtama ng itak sa kaniyang braso nagulat na lamang siya nang mapansing walang dugong dumanak ni balat na napilas mula sa kaniyang katawan.

“Mula sa puntong ito Solaiman, hindi ka na magagalaw ng kahit anong sandata pa man.” Sabi ni Bal-Lido. “Ikaw ay papanaw lamang sa aking utos, sa oras na iyon siguraduin mong isusuko mo ang ibinigay kong sundang sa lugar na ito. Kung hindi ka makararating, siguraduhin mong may isang taong mapagkakatiwalaang magbabalik ng sundang sa akin.”

Kung gaano kabagsik si Solaiman sa digmaan, ganoon rin siya kabagsik sa pag-ibig. Dahil sa ganitong katangian, kinamumuhian at kinatatakutan siya hindi lamang ng kaniyang mga kaaway kung hindi pati na rin ng kaniyang mga tagasunod. Sa mga kalye pa lamang, rinig na ang mga bulungan ng mga tao. Umaalingawngaw ang mga babala sa lahat ng sulok ng kaharian, “Itago ang asawa't mga anak na babae dahil si Solaiman ay paparating.”

Nag-uumapaw na ang mga babae sa harem niya subalit, hindi pa rin siya tumitigil sa pangongolekta nito. Para sa isang maharlikang tulad niya, walang dalang bigat ang nag-uumapaw na babae sa kaniyang buhay. Kung may isang aalis, may tatlong darating, kung gaano siya kahusay sa paggamit ng kaniyang sundang, tila mas matalim ang kaniyang mga salita pagdating sa pag-ibig.

Sa dulo ng kaniyang kaharian, may naninirahang isang mangingisda. Kasama nito ang kaniyang anak na babae sa bahay na siyang nag-aalaga sa kaniya.

Isang tapat na tagapaglingkod ang mangingisdang ito kay Rajah Solaiman. Subalit, dahil sa pag-aalala sa posibleng kahinatnan ng kaniyang anak, itinago niya ito sa gitna ng gubat. Umaasang walang mga matang makatatanaw sa kaniyang anak, lalo pa ang mga mata ni Rajah Solaiman. Alam niyang hinding hindi siya makatatangi sa kung ano mang sabihin ng kaniyang Rajah.

Tumira si Waling-Waling sa itaas ng isang punong lauan. Napaliligiran ito ng mga ilang-ilang at ilang halamang gubat. Walang nakaaalam ng paraan upang makaakyat dito kung hindi ang mapag-arugang mangingisda lamang. Pati ang mga pagbisita niya ay planadong-planado. Sa umaga, siya'y nagdadala ng pagkain at sa gabi nama'y sinisiguradong ligtas at maayos ang kaniyang anak.

Isang di pangkaraniwang kagandahan nga talaga itong si Waling-Waling. Singkinis ng sutla ang kaniyang balat, singdilim ng uling ang buhok, ang kaniyang mga pisngi ay parang dinampian ng rosas, mga matang sing tingkad ng mga alitaptap sa gitna ng dilim, at ang kaniyang mga pilik mata'y tila mga alon sa pagkakurbada. Madali sana para sa dalaga ang ipakasal sa kahit na sino kung isa lamang siyang dugong-maharlika. Subalit, nagiging mahirap ang lahat dahil isa lamang siyang pangkaraniwang mamamayan.

Isang araw habang nangangaso si Solaiman sa gubat, napansin niyang may isang tirahan sa itaas ng mga puno. Sa gitna ng mga puno, nasulyapan niya ang bahay ni Waling-Waling. Sa kaniyang paglingon nakita nito ang isang kakaibang kagandahang noon pa lamang niya nakita.

Napasigaw si Rajah Solaiman, "Sino ang ama mo? Sigurado akong itinatago ka lamang niya sa akin!" Hindi sumagot sa Waling-Waling sa takot na baka kung anong gawin ng Rajah sa kaniyang ama.

Sa kaniyang pagtulog, nanaginip ang mangingisda ng mga karimarimarim na ideya. Nang magising ito mula sa masasamang panaginip, kumaripas siya ng takbo upang tunguhin ang tirahan ni Waling-Waling sa gubat. Laking gulat niya nang maabutan niya ang isang nagngingitngit na Rajah.

"Paano mo nagawang itago sa akin ang isang nilalang na singganda ng iyong anak? Sabihin mo sa kaniyang bumaba upang makita ko siya ng mas maayos." Utos ng Rajah sa mangingisda. "Gawin mo ito kung ayaw mong mahati ng aking sundang."

Sa utos ng kaniyang ama, bumaba naman si Waling-Waling. Nang umabot siya sa kalahati ng puno, nadampian siya ng ilaw mula sa buwan na lalong nagbigay liwanag sa kaniyang ganda. “Hindi kita papatayin,” sabi ni Solaiman sa mangingisda, “subalit, nais ko sanang pakasalan ang iyong anak. Ipinapangako kong pakakawalan lahat ng babae sa aking harem at siya ang gagawin kong asa...”

Bago pa man tuluyang matapos ni Solaiman ang kaniyang sasabihin at bago pa man makababa si Waling-Waling, nanigas ang katawan ng Rajah at ng mangingisda. Isang liwanag ang bumalot sa buong gubat. Nakita nila ang isang imahen na papaliit nang papaliit. Ang dating katawan ni Waling-Waling ay tila sumabit sa mga sanga ng puno. Habang paunti-unting nawala ang liwanag tila naging mas malinaw sa dalawa ang imahen ng isang bulaklak. Isang bulaklak na may lila’t pulang batik sa kaniyang mga talulot.

Hindi sila makapaniwala sa kanilang nasaksihan subalit, walang nagawa si Solaiman at ang mangingisda. Pagbalik sa palasyo, inatasan niya ang mga kawal niya na kumuha ng bulaklak ng Waling-Waling sa gubat at ipalamuti ito sa mga puno sa harapan ng palasyo. Isang pag-alaala sa mga pag-ibig na sana’y maabot na niya.

*Pp 49-53 The Legend of the Waling-Waling ni Gaudencio V. Aquino*



**MGA ALAMAT NI JOSE RIZAL**

Kabanata 3, El Filibusterismo ni Jose Rizal

Pumapasok na nga noon sa lawa ang bapor at tunay na napakaringal ang tanawing tumambad sa kanilang paningin. Humanga ang lahat. Sa harap, nakalatag ang kaakit-akit na lawa, naliligid ng luntiang pampangin at asul na bundok, kahawig ng isang napakalaking salamin na may kuwadrang esmeralda at sapiro upang masalaminan ng langit. Sa kanan, nakalatag ang mahabang pampangin, lumilikha ng mga look na may kaaya-ayang kurba. At doon sa malayo, may kalabuan ang kawit ng Sugnay. Sa dakong likuran ng harap, maharlikang nakatindig ang Makiling, mahirap limutin, napuputungan ng maninipis na ulap. At sa kaliwa, ang pulo ng Talim, ang Susong Dalaga na may malalambot na kunday at nagpapatunay sa pangalan nito.

Isang sariwang simoy ang buong tamis na kumulot sa malawak na mukha ng lawa.

“Siya nga pala, Kapitan,” ani Ben Zayb na lumingon, “alam ba ninyo kung sang dako ng lawa namatay ang isang nagngangalang Guevarra, Navarra o Ibarra?”

Tumingin ang lahat sa Kapitan maliban kay Simoun na bumaling sa ibang dako upang hanapin ang kung ano sa pampangin.

“Oo nga!” ani Donya Victorina. “Saan Kapitan? May Naiwan bang palatandaan sa tubig?”

Ilang ulit kumindat ang butihing ginoo, bilang patunay ng kaniyang pagkaligalig. Ngunit nang makita niya ang samo sa mga mata ng lahat, lumapit nang ilang hakbang sa dulo ng bapor at sinuri ang pampangin.

“Tumingin kayo doon,” aniya sa tinig na halos hindi marinig pagkatapos matiyak na walang ibang tao sa malapit. “Sang-ayon sa kabo na namahala sa pagtugis, nang makita ni Ibarra na mapipikot siya, tumalon siya mula sa bangka doon sa malapit sa kinabutasan at, sumisid nang sumisid sa gitna ng dalawang tubig, tinawid ang distansiyang mahigit dalawang milya, at sinasalubong ng punglo tuwing lilitaw ang ulo upang huminga. Sa banda pa roon siya nawala sa kanilang paningin at sa malayo-layo pa, malapit sa pampang may nakita silang tila kulay dugo...At iyon na nga! Labintatlong taon na ngayon, walang labis walang kulang nang maganap ito.”

“Samakatwid, ang kaniyang bangkay?...” Tanong ni Ben Zayb

“Ay kapiling na ng bangkay ng kaniyang ama,” tugon ni Padre Sibyla. Hindi ba’t isa rin itong filibustero, Padre Salvi?”

“Napakamurang mga libing, hindi po ba, Padre Camorra?” tanong ni Ben Zayb.

Lagi kong sinasabi na isang filibustero ang ayaw magbayad para sa mariringal na libing,” sagot ng tinukoy habang tumatawa nang buong saya.

“Pero, ano ang nangyayari sa inyo, Senyor Simoun?” Tanong ni Ben Zayb, nang mapansing walang tinag at buong lalim na nagninilay ang alahero.

“Nahihilo ba kayo, kayo na isang biyahero! At sa sampatak na tubig tulad nito?”

“Ang masasabi ko sa inyo,” wika ng Kapitan na tinubuan na ng pagmamahal sa pook na iyon. “Huwag ninyo itong tawaging sampatak na tubig. Higit na malaki ito kaysa alin-mang lawa sa Suiza at malaki pa kahit pagsamahin ang lahat ng lawa sa Espanya. Marami na akong nakitang matandang marino na nalula dito.”

*Pp 21-23 Kabanata 3 ng El Filibusterismo, Mga Alamat*

## NAPAGAWI AKO SA MABABANG PAARALAN

Lamberto E. Antonio

Napagawi ako sa mababang paaralan  
 Na dating karnabal ng kambing, baboy at kalabaw,  
 At dating kubeta ng ilang kababaryo  
 Pag bakasyon grande o Sabado't Linggo.  
 Di na ito ang ilang tiwangwang na kuwartong may tapal  
 Na sawali't atip na kugong butas-butis, na ang klaseng  
 Nagdidiskas ng Pepe en Pilar at gudmaners  
 Ay tanaw na tanaw ng mga sabungerong naglalakad.  
 Ngayon, may arko nang bakal at alambre ang geyt;  
 May bakod na pader, magarang plagpol, entablado't  
 Basketbol kort na kainauukitan ng nagdudumilat na  
 "Donated by Gov. Mokong delos Oros" at ng  
 "Alay nina Don at Dona Pilipito Palapatok."  
 Sa sementadong saydwo, sa pasimano't haligi ng munting pasilyo  
 At ibabang panig ng kongkretong dingding, kundi nakapila  
 Ay nagsisiksikan ang mga pangalang karamiha'y  
 Patrong taga-ibang bayan: ilan dito'y mga nakaklaseng  
 Kabisote, mapangopya, tugain, nakalaspren o naiihi  
 Sa salawal sa pagkuha ng test –  
 Kundi may DR. o ENGR., may ATTY.  
 Bawat pinto, may karatula ng ngalan ng guro –  
 Narito pa rin si Mrs. Monay na mahilig manghinuli,  
 Si Mr. Pangan na laging ngumangata ng babolgam.  
 Sa likod ng gusali, ang marikotitos na letering  
 Ng pagdiskarte sa babae'y nabasa ko sa haligi ng wari'y  
 Narseri; sa mga puno ng papayang bunga'y tambulukan;  
 Sa tambak na retasong mga tabling may bakas ng anay.  
 Komo nabakante ako sa pandadayuhan bilang karpintero,  
 Naawitan akong gumawi sa mababang paaralang  
 Nagpautang sa akin noon ng musmos na karansan;  
 Kasama ang aking martilyo, lagari't radela'y nagpaunlak ako:  
 Wika nga'y ito lang ang kaya kong paraan ng paglingon  
 Sa pinanggalingan (na di ko napuspos nang mahinto ako't  
 Maulila sa mga magulang). Gumawi ako  
 Rito para atipan at palitadahan ang mga komportrum,  
 Dahil nakabingit na naman ang pasukan –at para maiyukit ko,  
 Kahit papa'no, ang aking pangalan.

**PAGLISAN SA TSINA**

ni Maningning Miclat

(1) Isinulat ko ang una kong tula “Isn’t It?” noong high school. Labing-isang taong gulang ako noon. Nakakatuwa iyon, ang saya ko. Nakasulat sa malayang taludturan, nakilala ko na mayroon pala akong indayog. Nang mabasa ng mga kaibigan ko, sinabi nila na walang katuturang tula daw iyon at tinawag ko nga na tula ng kawalang katuturan.

(2) Katawa-tawa ang panahong kinalakhan ng henerasyon ko sa Tsina. Hindi naapektuhan ng Rebolusyong Pangkultura ang tadhana namin. Wala noong consumerismo na tutukso sa aming mga hangarin, ni hahamon na paninindigan namin sa Sosyalismo. Dapat kaming maging Spartan. Dapat makakuha kami ng mataas na grade para makapasok sa magandang eskuwela.

(3) Alam naming lahat na ang mga senior student sa eskuwela namin na nakatira sa dorm ay lumalabas sa kalsada kapag oras nang patayin ang mga ilaw para makapag-aral sa ilalim ng poste. Marami kang hahangaan doon. May isa akong kaklase na makapagrerecite nang paabante at paatras sa buong nobelang Water Margin. Marunong magkaligrapiya at magpiano ang isa kong pinakamatalik na kaibigan sa klase, kaya kung maglalakad siya at maramdamang hindi tama ang lakad niya, babalik siya sa pinanggalingan sa paniniwalang “practice makes perfect”.

(4) Pagkatapos ng klase, magkasama kaming maglalakad papuntang bus stop; at ang tagal-tagal naming makarating sa bus. Paulit-ulit naming iwinawasiwas pataas ang aming kanang kamay dahil baka mahulog ang iniimagine naming relo. Noon nadevelop ang ilang kakatwang manerismong dala ko pa hanggang ngayon. Ang maganda nito, hindi ako ngayon nahihirapan sa ginagawang rebisyon ng mga sulat dahil sa munting ehersisyo ng pagpapabalik-balik-lakad na ginagawa ko noon sa Beijing.

(5) Marami akong isinusulat at binabasa habang nagkklase – sa ilalim ng desk. Pag-uwi, sumasakay ako sa swing sa laguwerta namin. Ganoon ko pinananatili ang nararamdamang indayog para sa aking malayang taludturan. Noon ako nag-umpisang mangarap na maging makata at pintor balang araw.

(6) Nang matapos sa junior high school, na halos kasunod ng EDSA Revolution sa Filipinas, bumalik na kaming mag-anak sa eskuwela. Hanggang kunin ako ng ICM sisters ng St. Theresa’s College. Nailathala naman ako sa student page ng World News, pahayagang broadsheet ng komunidad Tsino sa Filipinas. Pagkatapos, nagtrabaho ako bilang isa sa mga translator ng balita sa diyaryong iyon, nag-atubili, at huminto. Pero nalatha pa rin ako; nagkaroon ng promoter ng mga trabaho o sa literary page, sa katauhan ng isang makata-photographer-businessman, si G. James Na.

(7) Nag-umpisa akong dumalo sa workshop ng tula sa Filipino, na ginaganap sa Adarna House, tagapaglathala ng mga aklat pambata. Pagkatapos sa Rio Alma Poetry Clinic, natanggap akong kasapi ng LIRA, isang grupo ng mga kabataang makata sa Filipino. Ako ang pinakabata noon. Iniindex ko pa ang mga salita noon sa diksyunaryong Tagalog para makapagtugma, dahil wala naman akong makitang rhyming dictionary sa Filipino. Kadalasan ay nagsusukat ako ng pantig para mabawasan ang mga mali ko sa wika.

(8) Nang panahong iyon, nagsusulat pa ako sa Tsino habang nag-aaral ng Filipino. Samantala, binabasa ko sa pagitan ng mga linya ang mga liham na natanggap ko mula Tsina.

(9) Katagalan, matagal na matagal, pagkatapos ng crackdown sa Tian An Men, ipinadala sa akin ng kaklase ko sa high school ang librong Tuanang Singsing na Luntian na inilathala ng Palimbagan ng Beijing. Kalipunan iyon ng mga sanaysay na isinulat ng mga freshman ng Unibersidad ng Peking noong magtraining military sila sa Kampo Shijachuang bago pasimulan ang kanilang regular na klase sa kampus.

(10) Isinulat sa akin ng kaibigan kong may artikulo sa libro: “Ipinakikita ng librong ito, sa napakatanging punto de bista, ang buhay namin noong mismong taong iyon, at mararanansan mo dito ang pagsasama ng paglikhang pampanitikan at propagandang pampolitika, lalo na sa military.”

(11) Naniniwala ako na nalampasan nang maluwalhati ng lahat ng kaibigan ko sa Tsina ang 1989. Freshman ako sa kolehiyo sa UP Baguio nang maganap ang crackdown. Huminto ako ng pagpapalathala sa World News matapos makitunggali sa isang huling sanaysay at ilang tula sa Tsino. Pagkatapos, ipinasiya kong hindi na ako taga-Tsina, hindi ko na wika ang Tsino.

(12) Doon natapos ang isang panahon.